

The Project Gutenberg eBook of Florante at Laura, by Francisco Balagtas

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Florante at Laura

Author: Francisco Balagtas

Commentator: Carlos Ronquillo y Valdez

Release date: May 17, 2005 [EBook #15845]

Most recently updated: December 14, 2020

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Jerome Espinosa Baladad and PG Distributed Proofreaders. Special thanks to Matet Villanueva, Pilar Somoza and Ateneo Rizal Library-Filipiniana Section.

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK FLORANTE AT LAURA ***

[Transcriber's note: Tilde g in old Tagalog which is no longer used is marked as ~g. Mistakes in the original published work has been retained in this edition.]

[Paalala ng nagsalin: May kilay ang mga salitang "ng, mga," at iba pa upang ipakita ang dating estilo sa pag-sulat ng Tagalog na sa ngayon ay hindi na ginagamit. Hinayaang manatili sa edisyong ito ang mga pagkakamali sa orihinal na pagkakalimbag.]

FLORANTE

at

LAURA

May Paunang Salita at mga Paliwanag

ni

CARLOS RONQUILLO

Maynila

1921

TALAN NG NILALAMAN

[**PAUNANG SALITA**](#)

[**CAY CELIA**](#)

[**SA BABASA NITO**](#)

[**PUNO NANG SALITÁ**](#)

[**MGA PALIWANAG**](#)

PAUNANG SALITA

Nang kalahatian ng 1906, na lumabas sa larangan ng Panitikang Tagalog ang mahalagang aklat ng "[Kun sino ang kumatha ng Florante](#)", ni G. Hermenegildo Cruz, ay sinasabing may mga

106,000 nang salin ng "Florante at Laura" ang naipalilimbag ng iba't iba; at sapul noon hangga ngayon ay marami na ring taón ang nagsipagdaan, at sa loob ng panahong iyan—lalo na nga't kung aalagataing siyang panahon ng kaunlaran ng Panitikang Tagalog at ng kasiglahan sa pagbabasá at ng pag-uumalab na lalo ng pagmamahal sa ating walang kahambing na Makatang Francisco Baltazar—ay walang alinlangang sa datihang bilang ng 106,000 ay di na rin kakaunti at di na ilang libo ang naparagdag pa.

At sa harap ng kasiglahang iyan ay mapaghahalatang nagkaroon din ng ibayong sigla ang nagsisipagpalimbag. Isa't isa ay gumagawa ng kanikanyang kaya, upang mapalitaw na kalugodlugod ang "Florante at Laura". Ngunit sa likod ng kasiglahang iyan at kapuripuring pagpupunyagi ay kasakitsakit sabihing wari'y naipagwawalang bahala kung minsan ng ilan yaong tagubiling:

"Di co hinihinging pacamahalin mo tauana,t, dustain ang abang tula co gain ang ibigui,t, alpa,i, na sa iyo ay houag mo lamang baguhin ang verso".

Naipagwawalang bahala? Walang alinlangan. Pinatutunayan ng mga pangyayari. Nguni't maaari namang paniwalaang hindi sa atas ng masamang hangad na "paalatin ang matatamis na tula" kundi bagkus pa ngang sa magandang nais, na lalo pang mapatamis. Lalong mapasarap. Lalong mapabuti. Lalong maitumpak. Gayon man, at maging gaano man kabanalang ganyang nais, ay di rin maipagkakailang tunay na pagwawalang bahala sa tagubilin at tunay na ipinagkakamit ng malubhang kasalanan ni Sigismundong dinadaliri ng dakilang Makata.

Kailangan ngang kung ano ang akda ng dakilang Makata ay siyang papanatiliing buhay magpakailan man, walang munti mang pagbabago, sa maging labis man o kulang, kahi't mali mang nakikita. Ni isang titik, ni isang kuwit—maliban na nga lamang kung hindi maiwasan dahil sa makapangyarihang atas ng panibagong alituntunin sa pagsulat.

Sinasabing ni saan man ay wala na ngayong matatagpuang isa mang salin ng "Floranteng" limbag noong buhay pa si Balagtas, at may paniwalang ang iniingatan ni Dr. Pardo de Tavera ay siyang matanda sa lahat nang nakatago ngayon; nguni't sa kagandahang palad ay sumakamay namin ang isang salin ng lumabas noong 1861, linimbag sa papel Tsina ng "Imprenta de Ramirez y Giraudier", at sa kanyang takip na papel katalan—takip na ilinagay lamang ng maingat na mayari—ay nakatitik ito: "Es propiedad de Don Jose Dioniso de Mendoza". Si Balagtas ay namatay noong ika 20 ng Pebrero ng 1862, sa gulang na magpipitongpu't apat na taón. Kaya, maliwanag, na buhay pa si Balagtas ng limbagin nina Ramirez ang "Floranteng" sumakamay namin, at matanda pang di hamak sa iniingatan ni Dr. Tavera, sapagka't ang kanya ay limbag lamang noong 1870 ng "Imprenta de B. Gonzales Mora" sa Binundok. Siyam na taón nga ang katandaan dito. At kung aalagataing buháy pa nga si Balagtas noong 1861 ay walang alinlangang dahil sa pagpipitagan man lamang sa noon pa ma'y itinuturing nang "Hari ng mga Manunula", ang sumakamay namin ay di pa "napanghihimasukan ng kamay ni Sigismundo",

Ang saling iyan ay wala na sa amin, pagka't hindi amin. Naipagparanya lamang sa amin—dahil sa paglabas noong 1906 ng "kun sino ang kumatha ng Florante"—ng noo'y nag-aaral pa sa "Escuela de Derecho" at ngayo'y abogado Alfonso Mendoza, masugid na demokrata; at sa likod ng ilang buwang pag-iingat at pagsipi namin ay pinagpilitang bawiin ng nagpahiram, dahil sa minamahal daw mabuti ng kanyang ama, palibhasa'y sa mga nuno pa nila minana. Isinauli rin nga namin, sa likod ng kung makailang pagwawalawalaan.

At kamakailang maitanong namin uli sa abogado Mendoza ay ganito ang isinagot:

—Aywan bagá kung saan na naroon. Tila sira na ang mga unang mukha.

Kaya, nang paroonan ni Epifanio ay aywan kung nakuha niya o hindi...

Si G. Epifanio de los Santos—ang dalubhasang istoriogrupo, ang guro, ang akademiko, ang sumakastila ng "Florante"—ay siyang tinutukoy. Kami ang sa kanya ay nakapagpahiwatig, upang mapawi ang maling paniwala, na "wala na ngayong Floranteng limbag nang buháy pa si Baltazar." At dahil diyan ay walang salang nagdumaling paroon, upang makuha—sa paano man—ang mahalagang hiyas ng Literaturang Tagalog na pinakamamahal niya. Sakaling nakuha niya, kahi't na nga sira-sira, ay dapat ipagpasalamat, sapagka't parang napalagay sa "kabang may pitong susi"; nguni't kung hindi, at kung natuluyan na ngang nasira, ay tunay na kahinahinayang.

Kahinahinayang! Tunay na kahinahinayang!...

Sakaling nasira na nga.

Nguni't gayon man ay may sukat na rin tayong dapat ikaaliw; ang siping naingatan namin. Pagkakapag-ingat, na maituturing nating isa na ring tunay na kapalaran, at siping walang munti mang pagbabago, palibhasa'y pinag-ingatan naming ilagay pati ng kanyang maliliwanag na kamalian sa limbagan at di dinagdagan, ni kinulangan, ng kahi't na ano.

At ang siping iyang sa huli'y linagyan namin ng mga paliwanag ay siyang ngayo'y inihahandog namin sa tanang magiliwin at mapagmahal sa walang kamatayang "Florante at Laura".

Maipaliliwanag naming buháy pa ang dakilang Makata ay nasasaulo nang mabuti ng kanyang mga anak ang "Florante at Laura". Paanong di magkakagayon ay sa pati ng iba't iba pa niyang akda'y nasasaulo rin? Ang "Florante" pa nga ba ang di mapapakintal sa kanilang ulo? At ang "Floranteng" nalalaman nila at mapahangga ngayo'y sariwa pa sa isipan ay isang saling ayon din sa kanilang ama ay siya niyang tunay na gawa. Dito natin mapagkukuro kung bakit walang

kamalian sa mga huling labas ng "Florante", na di ang di mapupuna nila.

Kaya, nang ang ilang kabaguhang napuna namin, dahil sa masusing pagsusumag sa "Kun sino ..." at sa siping nasa amin ay maipakitang isaisa kay G. Victor Baltazar—anak na lalaki ng Makata at siyang pinakamatanda sa tatlong nabubuhay pa hangga ngayon (Victor, Isabel at Silveria), na laging nasa amin, tumitigil ng buwanan at lingguhan, dahil sa kalimitan nilang magpagamot dito sa Maynila, gayon din ang dalawang apong dalaga ni Balagtas, na sina Pepita at Vicenta^[I.], anak ng Victor^[II.]—; ang mga kabaguhang nadaliri ay pinatunayang "iba nga at di siyang nasa matandang nasasaulo nila". Nguni't, hindi naman napagpakuan namin ng tingin ang lahat, kundi ang madla lamang lalong mahalaga. Ni ang mga kamalian man ng pagkakalimbag sa siping nasa aming kamay ay di rin napag-usapan.

At ang lahat nang kaibhang iyan at kamalian ay siyang naging sanhi ng mga paliwanag namin sa dakong huli.

CARLOS RONQUILLO

Maynila, 10 Septiembre 1921.

[I.] Namatay noong ika 21 Sept. 1921.

[II.] Namatay noong ika 12 Dis. 1926.

-Alberta Balmaseda, asawa ni Victor, namatay noong Marso, 1921.

FLORANTE

at

LAURA

**Sipi sa lumabas noong buháy pa ang dakilang
Makatang may akda, na linimbag sa
"Imprenta de Ramirez y Giraudier"
noong 1861, at linagyan ng
Paunang Salita at ng mga
Paliwanag**

ni

CARLOS RONQUILLO

**Kaparis na kaparis ng ipinamana ng Makata
sa kanyang mga anak, na sariwang nakikintal
sa kanilang isip magpahangga
ngayon**

MAYNILA
1921

Pinagdaanang Buhay

ni

FLORANTE at ni LAURA

sa

Cahariang Albania

**Quinuha sa madlang "cuadro histórico" o pinturang
nag sasabi sa mga nangyayari^[1] nang unang
panahón sa Imperio nang Grecia, at tinula
nang isang matouain sa versong
tagalog.**

**Reimpreso-Manila
Imprenta de Ramirez y Giraudier
1861**

Sa dakong huli ay may mga paliwanag na makikita, na aming ginawa, bukod pa sa mga sariling paliwanag ni Baltazar sa kanyang akdang ito. Lahat nang may bilang na ganito ay siyang amin, na pinagsunodsunod sa dakong huli. At ang paliwanag sa bilang na ito (1) ay makikita sa unahan ng lahat nang paliwanag namin.

CAY CELIA

Cong pag saulang cong basahin sa isip^[2]
ang nan~gacaraang arao n~g pag-ibig,
may mahahaguilap cayang natititic
liban na cay Celiang namugad sa dibdib?

Yaong Celiang laguing pinan~gan~ganiban
baca macalimot sa pag-iibigan;
ang iquinalubog niyaring capalaran
sa lubhang malalim na caralitaan.

Macaligtaang co cayang di basahin^[3]
nagdaáng panahón n~g suyuan namin?
canyang pagsintáng guinugol sa aquin
at pinuhunan cong pagod at hilahil?

Lumipas ang arao na lubhang matamis
at ualáng nátira condi ang pag-ibig^[4],
tapat na pag suyong lalagui sa dibdib
hanggang sa libin~gan bangcay co,i, maidlip.

N~gayong namamanglao sa pan~gon~golila
ang guinagaua cong pag-alio sa dusa
nag daang panaho,i, inaala-ala,
sa iyong laraua,i, ninitang guinhaua.

Sa larauang guhit n~g sa sintang pincel
cusang ilinimbag sa puso,t, panimdim,^[5]
nag-íisang sanláng naiuan sa aquin
at di mananacao magpahangang libing^[6].

Ang caloloua co,i, cusang dumadalao
sa lansan~ga,t, náyong iyóng niyapacan
sa ilog Beata,t, Hilom na mababao
yaring aquing puso,i, laguing lumiligao.

Di mámacailang mupo ang panimdin

sa puno n~g mangang náraanan natin,
sa nagbiting bun~gang ibig mong pitasín
ang ulilang sinta,i, aqing ináaliu.

Ang catauhang co,i, cusang nagtatalic
sa buntong-hinin~ga nang icao,i, may saquit,
himutoc co niyao,i, inaaring Lan~git
Paraiso namán ang may tulong silíd.

Liniligauan co ang iyong larauan
sa Macating ilog, na quinalagui-an^[7]
binabacás co rin sa masayang doon~gan,
yapac n~g paá mo sa batóng tuntun~gan.

Nag babalíc mandi,t, parang hinahanp
dito ang panahóng masayang lumipas
na cong maliligo,i, sa tubig áagap,
nang hindi abutin n~g tabsing sa dagat.

Parang naririn~gig ang laguí mong uica
"tatlong arao na di nag tatanao tama"
at sinasagot co ng sabing may touâ
sa isa catauo,i, marami ang handa.

Ano pan~ga,t, ualang dí nasisiyasat,
ang pagiisipco sa touang cumupas
sa cagugunitâ, luha,i, lalagaslás
sabay ang taghoy cong "jó, nasauing palad!"

Nasaan si Celiang ligaya ng dibdib?
ang suyuan nami,i, baquíť dí lumauig?
nahan ang panahóng isá niyang titig
ang siyang búhay co, caloloua,t, Lan~git?

Baquit bagá niyaóng cami mag hualay
ay dípa naquitil yaring abáng búhay?
con gunitain ca,i, aqing camatayan^[8],
sa puso co Celia,i, dica mapaparam^[9].

Itong dí matiis na pagdaralitâ
nang dahil sa iyo, ó nalayóng touâ,
ang siyang umacay na aco,i, tumulâ
autin ang búhay nang isang na abâ.

Celia,i, talastás co,t, malabis na umid,
mangmáng ang Musa co,t, malumbay ang tinig
di quinabahag-yâ cong hindi malait
palarang dinguin mo ng tainga,t, isíp.

Ito,i, unang bucal nang bait cong cutad
na inihahandóg sa mahal mong yapac^[10]
tangapin mo nauâ cahit ualang lasáp
nagbúhat sa puso nang lingcód na tapát.

Cong casadlacán man ng pula,t, pag ayop
tubo co,i, daquila sa puhunang pagod,
cong binabasa mo,i, isá mang himutóc
ay alalahanin yaring nag hahandóg.

Masasayang Ninfas sa laua nang Bay,
Sirenas, ang tinig ay cauili-uili
cayó n~gayo,i, siyang pinipintacasi
n~g lubháng mapanglao na Musa cong imbi.

Ahon sa dalata,t, pangpang na nag liquid
tunuhan nang lira yaring abáng auit
na nag sasalitáng búhay ma,i, mapatid,
tapát na pag sinta,i, han~gad na lumauig^[11].

Icao na bulaclac niyaring dili-dili,
Celiang saguisag mo,i, ang M. A. R.
sa Virgeng mag-Iná,i, ipamintacasi
ang tapát mong lingcód na si F. B.

SA BABASA NITO

Salamat sa iyo, ó nánasang írog,
cong halagahán mo itóng aqing pagod,
ang tulâ ma,i, bucál nang bait na capós,
paquiquinaban~gan nang ibig tumaróc.

Cong sa bigláng tin~gi,i, bubót at masacláp
palibhasa,i, hilao at mura ang balát
ngunit cung namnamín ang sa lamáng lasáp
masasarapán din ang babasang pantás.

Di co hinihin~ging pacamahalín mo,
tauana,t, dustaín ang abáng tulâ co
gauin ang ibigui,t, alpa,i, na sa iyó
ay houag mo lamang baguhin ang verso.

Cong sa pagbasa mo,i, may tulang malabo
bago mo hatulang catcatin at licô^[12]
pasuriin muna ang luasa,t, hulô^[13]
at maquiquilalang malinao at uastô.

Ang may tandang letra alin mang talata
dimo mauatasa,t, malalim na uicà
ang mata,i, itin~gin sa dacong ibabâ^[14]
boong cahuluga,i, mapag uunauà.

Hangán dito acó ó nánasang pantás,^[15]
sa cay Sigesmunido,i, houag ding mátulad
sa gayóng catamis uicang masasaráp
ay sa cababago nang tula,i, umalat.

(Sa cursiva o bastardilla)

Páhiná 6

PUNÒ NANG SALITÂ

Sa isang madilím gúbat na mapanglao^[A]
dauag na matinic, ay ualáng pag-itan,
halos naghihirap ang cay Febong silang^[B]
dumalao sa loob na lubhang masucal.

Malalaquing cahoy ang inihahandóg
pauang dalamhati, cahapisa,t, lungcót
huni pa n~g ibon, ay nacalulunos
sa lalong matimpi,t, nagsasayáng loob.

Tanáng mga baguing, na namimilipit
sa sangá ng cahoy, ay balót n~g tinic
may bulo ang bun~ga,t, nagbibigay sáquit
sa cangino pa máng sumagi,t, málapit.

Ang m~ga bulaclac n~g nag tayong cahoy
pinaca-pamuting nag ungós sa dahon
pauang culay luca, at naquiqui ayon
sa nacaliliong masangsang na amoy.

Caramiha,i, Ciprés at Higuierang cutád,^[C]
na ang lilim niyaón ay nacasisindác
ito,i, ualang bun~ga,t, dahoy,i, malalapad,
na nacadidilím sa loob ng gubat.

Ang m~ga hayop pang dito,i, gumagalâ
caramiha,i, Sierpe,t, Baseliisco,i, mad-la,
Hiena,t, Tigreng ganid nanag sisi sila,
ng búhay n~g tauo,t, daiguíng capoua.

Ito,i, gúbat manding sa pinto,i, malapit
n~g Avernong^[D] Reino ni Plutong masun~git^[E]
ang nasasacupang lupa,i, dinidilig^[16]
n~g ilog Cocitong camandag ang túbig.^[F]

Sa may guitná nito mapanglao na gubat
may punong Higuierang dahoy,i, culay pupás,

Páhiná 7

dito nagagapos ang cahabag habag
isang pinag usig n~g masamang palad.

Bagong tauong basal, na ang anyo,t, tindig[17]
cahit natatali camay, paá,t, liig
cundi si Narciso,i,[G] tunay na Adonis[H]
muc-ha,i, sumisilang sa guitnâ n~g sáquit.

Maquinis ang balát at anaqui buroc
pilicmata,t, quilay mistulang balantók
bagong sapóng guinto ang cúlay n~g buhóc
sangcáp n~g cataua,i, pauang magca-ayos.

Dan~gan doo,i, ualang Oreadang Ninfas,[I]
gúbat na Palacio n~g masidhing Harpiás,[J]
nangaaua disi,t, na acay lumiyag
sa himaláng tipon n~g caricta,t, hirap.

Ang abáng oyamin n~g dálita,t, sáquit
ang dalauang mata,i, bucál ang caparis,
sa lúhang nanatác, at tinan~gis-tan~gis
ganito,i, damdamin n~g may auang dibdib.

Mahiganting lan~git, ban~gis mo,i, nasaan?
n~gayo,i, naniniig sa pagcá-gulaylay
bago,i, ang bandilà n~g lalong casam-an[18]
sa Reinong Albania,i, iniuauagayuay?

Sa loob at labás, n~g bayan cong sauí
caliluha,i, siyang nangyayaring hari
cagalin~ga,t, bait ay nalulugamí
ininís sa huca y nang dusa,t, pighatí.

Ang magandang asal ay ipinupucól
sa láot n~g dagat n~g cut-ya,t, lingatong
balang magagalíng ay ibinabaón
at inalilibing na ualáng cabaong.

N~guni, ay ang lilo,t, masasamang loób
sa trono n~g puri ay inalulucloc
at sa balang sucáb na may asal hayop
maban~gong incienso ang isinusuob.

Caliluha,t, sama ang úlo,i, nagtayô
at ang cabaita,i, quimi,t, nacayucô,
santong catouira,i, lugamí at hapô,
ang lúha na lamang ang pinatutulô.

At ang balang bibíg na binubucalán
nang sabing magalíng at catutuhanan
agád binibiác at sinisican~gan
nang cáliz n~g lalong dustáng camatayan.

¡O tacsíl na pita sa yama,t, mataás![19]
¡o hangad sa puring hanging lumilipas!
icaó ang dahilan n~g casamáng lahat[20]
at niyaring nasapit na cahabághabág.[21]

Sa Corona dahil n~g haring Linceo
at sa cayamanan n~g Duqueng Amá co,
ang ipinangahás n~g Conde Adolfo
sabugan n~g sama ang Albaniang[K] Reino.

Ang lahát nang itó, ma-auaing lan~git[22]
iyóng tinutunghá,i, anó,t, natitiis?[23]
mula ca n~g boong catouira,t, bait
pinapayagan mong ilubóg n~g lupít?

Macapangyarihang cánan mo,i, iquilos,
papamilansiquín ang cáliz n~g poot,
sa Reinong Albania,i, cúsang ibulusoc
ang iyóng higantí sa masamáng loob.

Baquit calan~gita,i, bingí ca sa aquin
ang tapat cong luhog ay hindi mo dingín?
dí yata,t, sa isang alipusta,t, ilíng
sampong tain~ga mo,i, ipinan~gun~gulíng?

Datapua,t, sino ang tataróc caya
sa mahál mong lihim Dios na daquilà?
ualáng mangyayari sa balát n~g lupà
dì may cagalin~gang iyóng ninanásà.

¡Ay dí saán n~gayón acó man~gan~gapit!
¡saán ipupucól ang tinangis-tangis
cong ayao na n~gayong din~giguin ng Lan~git[24]
ang sigao n~g aquing malumbay na voses![25]

Páhiná 10

Cong siya mong ibig na aco,i, magdusa
Lan~git na mataás aquing mababata
iságì mo lamang sa púso ni Laura
aco,i, minsan minsang mapag ala-ala.

At dito sa laot n~g dusa,t, hinagpis,
malauac na luhang aquing tinatauid
gunitâ ni Laura sa naabáng ibig
siya co na lamang ligaya sa dibdib.

Munting gunam-gunam n~g sintá co,t, mutyâ
n~g dahil sa aqui,i, daquilâ cong touâ,
higuít na malaquíng hírap at dalita
parusa ng táuong lilo,t, ualang aua.

Sa pagka gapus co,i, cong guni-gunihín
malamig nang bangcay acong nahihimbíng[26]
at tinatan~gisan nang sula co,t, guiliu,
ang pagca-búhay co,i, ualang hangá mandin.

Cong apuhapin co sa sariling isip
ang suyúan namin nang pili cong ibig,
ang pag luhâ niyá cong aco,i, may hapis
naguiguin ligaya yaring madláng sáquit.

¡Ngunì sa abá co! ¡sauing capalaran!
anópang halagá nang gayóng suyúan
cun ang sin-ibig co,i, sa catahimican
ay humihilig na sa ibáng candun~gan?

Sa sinapupunan nang Conde Adolfo
aquing natatanáo si Laurang sintá co,
camataya,i, nahan ang dating ban~gis mo?
nang díco damdamín ang hirap na itó.

Dito hinimatáy sa pag hihinagpís
sumúcò ang púsò sa dahás nang sáquit,
ulo,i, nalun~gay-n~gay, lúhà,i, bumalisbís,
quinagagapusang cahoy ay nadilíg.

Páhiná 11

Mag mulâ sa yapac hangang sa ulunán
nalimbág ang ban~gís nang capighatían,
at ang panibugho,i, gumamit nang asal
nang lalong marahás lilong camatayan.

Ang cahima,t, sinong hindí maramdamin
cong ito,i, maquita,i, mag mamahabáguin,
matipid na lúhà ay pa-aagusin
ang nagparusa ma,i, pilit hahapisin.

Súcat na ang tingnàn ang lugaming anyo
nitong sa dálita,i, hindi macaquibô
acaing bigláng umiyác ang púsò
cong ualâ nang lúhang sa mata,i, itúlô.

Ga-ano ang áuang bubugsô sa dibdib
nang may caramdamang ma anyóng tumitig
cun ang panambita,t, daing ay marin~gig
nang mahimasmang ang tipon nang sáquit?

Halos boong gúbat ay na sa sabúgan
nang ina-ing-aing na lubháng malumbáy[27]
na inu-ulit pa at isinisigao
sagót sa malayò niyaóng alin~gao-n~gao,

¡Ay Laurang poo,i,! baquit isinúyò
sa iba ang sintang sa aqui pan~gacò

at pinag liluhan ang tapat na púsó
pinang-gugulan mo nang lúhang tumuló?

Dî sinumpa-án mo sa haráp nang lan~git
na dî maglililo sa aqing pagibig?
ipinabigay co namán yaring dibdib[28]
uala sa gunitâ itóng masasapit.

Catiualà aco,t, ang iyóng carictán
capilas nang Lan~git anaqui matibay,
tapát ang púsò mo,t, dî nagunamgunam
na ang pag lililo,i, na sa cagandahan.

Hindí co acalang iyóng sa-sayan~gin
maraming lúhà mong guinugol sa aquin
taguring madalás na acó ang guiliu,
muc-hâ co ang lunas sa madláng hilahil.

Di cong acó Poo,i, utusang mang-gúbat
nang Hari mong Amá sa alín man Ciudad
cong guinagauá mo ang aqing saguisag
dalauá mong matá,i, nanalong nang perlas?

Ang aqing plumage cung itinatalí
nang parang corales na iyóng dalirí
buntóng hihin~gá mo,i, naquiqui-ugalí
sa quilos nang quintóng ipinananahí.

Macailan Laurang sa aqui,i, iabot,
basâ pa nang lúhà bandang isusuut,
ibinibigay mo ay nag hihimutóc
tacot masugatan sa paquiquihamoc.

Baluti,t, coletto,i, dî mo papayagan
madampi,t, malapat sa aqing catao-an
cundi tingnan muna,t, bacâ may caluang
ay nan~gan~ganib cang damit co,i, marumhán.

Sinisiyasat mo ang tibay, at quintáb
na cong sayaran man nang tagá,i, dumulás
at cong malayò mang iyóng minamalas
sa guitná nang hokbo,i, makilalang agád.

Pahihiasan mo ang aqing turbante
nang perlas topasio,t, maningning na rubé,
bucód ang magalao na batóng diamante
púnô nang n~galan mong isang letrang L.

Hangang aco,i, uala,t, naquiquipag-hámoc
nang aapuhap ca nang pang aliu loob;
manalo man aco,i, cun bagong nanasoc
naquiquita mo na,i, may dalá pang tácot.

Boong pan~ganib mo,i, bacâ nagca sugat
di maniniualà cundi masiasat
at cung magcagurlís nang muntí sa balát
hinuhugasan mo nang lúhang nanatác.

Cung aco,i, mayroong cahapisang muntí
tatanun~gin moná cun anó ang sanhí,
hangang di malining ay idinarampí
sa mga muc-ha co, ang rube mong lábí.

Hindí ca tutugot cundi matalastás,
cacapitan monang mag bigla nang lúnas,
dadalhin sa jardí,t, doon ihahanap,
nang ica-aaliu, sa mga bulaclác.

Iyong pipitasín ang lalong mariquí
dini sa li-ig co,i, cúsang isasabit
tuhog na bulaclac sadyáng saglit-saglit,
pag-uupandín mong lumbay co,i, mapacnít.

At cun ang hapis co,i, hindí masauatâ
sa pilic-matá mo,i, dadáloy ang lúhà
na pasaán n~gayón ang gayóng arugâ
sa dalá cong sáquit ay di i-apulâ?

Halina Laura,t, aqing cailangan
n~gayon, ang lin~gap mo nang naunang arao,
n~gayón hinihin~gî ang iyong pag-damay;
ang abáng sintá mo,i, na sa camatayan.

At n~gayóng malaqui ang aqing dálitâ,
ay dí humahanap nang maraming lúhâ,
sucat ang capatác na maca-apulâ
cun sa may pag sintang púsò mo,i, mag mulâ.

Catao-ang co,i, n~gayón siyasatin, ibig,
tigní ang súgat cong dí gauâ nang cáliz
hugasan ang dugóng nanálong sa guitguít
nang camay co, paa,t, natataling li-ig.

Halina, irog co,t, ang damít co,i, tingnán,
ang hindî mo ibig dampioháng calauang
calaguín ang lubid, at iyong bihisan,
matinding disa co,i, nang gumaán-gaán.

Ang m~ga matá mo,i, cun iyóng ititig
dini sa anyô cong sadlacan nang sáquit
upanding mapiguil ang tacóng mabilís
niyaring abáng búhay sa icapapatíd.

Uala na Laura,t, icao nan~ga lamang
ang macalulunas niyaring cahirapan;
damhín nang camay mo ang aqing catauan,
at bangcay man aco,i, mulíng mabúbuhay!

Páhiná 14

N~guní ¡sa abáco! ¡ay sa laqing hirap!
ualâ na si Laura,i, laqing tinatauag!
napalayo-layo,t, di na lumiliyag,
ipinag cánolò ang sintá cong tapát.

Sa ibang candun~ga,i, ipinagbiyayâ
ang púsong aquin na, at aco,i, dinayâ
boóng pag-ibig co,i, ipinan~ganyaya
linimot ang sintá,t, sinayang ang luhá.

Alin pa ang hirap na dí na sa aquin?
may camatayan pang díco dadamdámín?
ulila sa Amá,t, sa Ináng nag-angquin,
ualang kaibiga,t, linimot ng guiliu.

Dusa sa puri cong cúsang siniphayò,
palasong may lasong natiric sa púsò;
habág sa Amá co,i, túnod na tumimo;
aco,i, sinusunog niyaring panibughò.

Ito,i, siyang una sa lahat n~g hirap,
pag dayâ ni Laura ang cumacamandág
dini sa búhay co,i, siyang magsa-sadlac
sa lingin~gang la-án ng masamáng palad.

O conde Adolfo,i, ilinapat mo man
sa aquin ang hirap n~g sangsinucuban,
ang caban~gisan mo,i, ipinasalamatan,
ang púsò ni Laura,i, cong hindî inagao.

Dito nag-himutóc ng casindac-sindác
na umaalin~gao-n~gao sa loob n~g gúbat
tinangay ang diua,t, caramdamang hauac
n~g buntóng hinin~ga,t, lúhang lumagaslás.

Sa púno n~g cahoy ay napa-yucayoc,
ang li-ig ay supil n~g lúbid na gapos,
bangcay na mistula,t, ang culay na buroc
n~g caniyang muc-ha,i, nanguing puting lubós.

Nagcataón siyáng pagdatíng sa gúbat
n~g isang guerrerong bayani ang ticas,
putong na turbante, ay calin~gas-lin~gas,
pananamit moro sa Persiang Ciudad[L]

Páhiná 15

Piniguil ang lacad, at nagtanao-tano,
anaqui ninita ng pag-pahingahán

di caquinsa-guinsa,i, ipinagtapunan
ang pica,t, adarga,t, nagdaóp ng camay.

Sacá tumin~galá,t, mata,i, itiniric
sa bubóng ng cahoy na taquip sa Lan~git,
estátua manding nacatayo,t, umíd,
ang buntóng hinin~gá niya,i, ualang patid.

Nang magdamdam n~gaut sa pagayóng anyò,
sa punó n~g isang cahoy ay umupò
nag-uicang "ó palad" sabay ang pagtulò,
sa matá, ng lúhang anaqui,i, palasò.

Olo,i, ipinatong sa caliuang camay
at sacá tinutop, ang noó, ng canan,
anaqui mayroong guinugunam-gunam
isang mahalagang nalimutang bagay.

Malao,i, humilig nag ualang bahalâ
dirin cumacati ang batis ng lúha,
sa madláng himutoc, ay casalamuhá
ang uicang "Flerida,i, tapus na ang touá".

Sa balang sandalî ay sinasabugan
yaóng boóng gúbat n~g maraming ¡ay!
naquiquituno sa huning mapanglao
n~g pang-gabing ibon doó,i, nagtatahán.[M]

Mapamaya-maya,i, nag ban~gong nagulat,
tinangnán ang pica,t, sampo n~g calasag
nalimbag sa muc-hâ ang ban~gis n~g Furias[N]
"dî co itutulot" ang ipinahayág.

Páhiná 16

"At cung cay Flerida,i, ibá ang umagao
at dî ang amá cong dapat na igalang,
hindî co masabi cun ang picang tan~gan
bubugá n~g libo,t, lacsáng camatayan.

Bababa si Marte mulâ sa itaás[O]
sa ca-ilalima,i, áahon nang Parcas,[P]
boong galit nila, ay ibubulalàs
yayacaguin niyaring camáy cong marahàs.

Sa cucó nang lilo,i aqing àagauin
ang cabiyác niyaring calolouang angguín,
liban na cay Amá, ang sino ma,t, alin
ay dî igagalang nang tangang patalím.

¡O pag sintang labis nang capangyarihan
sampong mag aamá,i, iyong nasasaclao!
pag icao ang nasoc sa púsò ninoman
hahamaqing lahat masunód ca lamang!

Páhiná 17

At yuyuracan na ang lalong daquilá
bait, catouira,i, ipan~gan~ganyaya
boong catungcula,i, uaualing bahalâ
sampo nang hinin~ga,i, ipauubayà.

Itong quinaratnán nang palad cong linsil
salamíng malinao na sucat mahalín
nang macatatatáp, nang hindî sapitin
ang cahirapan cong di macayang bathín.

Sa mauica itó lúhà,i, pina-agos,
pica,i, isinacsac, sacá nag himutóc,
nagcataón naimáng parang isinagót,
ang buntóng hinin~gá, niyaóng nagagapus.

Guerrero,i, namanghâ nang ito,i, marin~gig,
pinabaling-baling sa gúbat ang titig,
nang ualang maquita,i, hinintay umulit,
dî namán nala,i, nag bagong humibíc.

Ang bayaning moro,i, lalò nang namaáng
"sinong nananaghóy sa ganitóng iláng?"
lumapit sa dacong pinan~gagalingan
nang buntóng hinin~ga,t, pinaquimatyangán.

Inabutan niya,i, ang ganitóng hibic
jay mapagcandiling Amáng ini-ibig!
¿baquit ang búhay mo,i, na unang napatid,
aco,i, inolila sa guitná nang sáquit?

Cong sa gunitâ co,i, pagcuru-curuin
ang pagcahulog mo sa camay nang tacsíl,
parang naquiquita ang iyóng naratíng
parusang marahás na calaguim-laguim.

At alin ang hirap na dí icacapit
sa iyó nang Duque Adolfong malupit^[29]
icaó ang salamín sa Reino nang bait
pagbubuntuhang ca nang malaquing gálit.

Catao-an mo Amai,i, parang namamalas
n~gayón nang bunsô mong iugami sa hirap
pinipisang-pisang at iniuualat
nang pauâ ring lilong verdugo nang sucáb.

Ang nagcahiualay na lamán mo,t, butó,
camay at catao-áng nálayô sa úlo,
ipinag-haguisan niyaóng mga lilo
at ualang maauang maglibing na tauo.

Sampo nang lincód mo,t, m~ga cai-bigan
cong campi sa lilo,i, iyo nang ca-auay,
ang dí nagsi-ayo,i, natatacot naman
bangcay mo,i, ibaó,t, mapaparusahan.

Hangan dito ama,i, aqing naririn~gig,
nang ang iyóng úlo,i, tapát sa caliz
ang panambitan mo,t, dalan~gin sa Lan~git
na aco,i, maligtás sa cucóng malupít.

Ninanásà mo pang acó,i, matabunan
n~g bangcay sa guitná n~g pagpapatayan,
nang houag mahúlog sa panirang camay
ng Conde Adolfong higuít sa halimao.

Pananalan~gin mo,i, dí pa nagaganáp
sa li-ig mo,i, bigláng nahulog ang tabác
naanáo sa bibig mong hulíng pan~gun~gusap,
ang "adios bunso,t," búhay mo,i, lumipas.

¡Ay amang amá co! cong magunam-gunam
madlá mong pag irog at pagpapalayao
ipinapalaso n~g capighatian
luhà niyaring púsòng sa mata,i, nunucál.

Ualáng icalauáng amá ca sa lupà
sa anác na candóng ng pag-aarugâ
ang munting hápis cong sumungao sa muc-hâ,
sa habág mo,i, agad nanálong ang luhâ.

Ang lahat ng toua,i, natapos sa aquin,
sampô niyaring búhay ay naging hilahil,
amá co,i, hindí na malaong hihintín
aco,i, sa payapang baya,i, yayacapin.

Sandaling tumiguil itóng nananangis,
binig-yáng panahón lúha,i, tumaguístis
niyaóng na aauang morong naquiquinyig,
sa habág ay halos mag putóc ang díbdib.

Tinutóp ang púsò at saca nag say-say
'cailan a iya lúha co,i, bubucál
n~g habág cay amá at panghihinayang
para ng panaghóy ng nananambitan?^[30]

Sa sintáng inagao ang itinatan~gis,
dahilán n~g aqing lúhang nagbabatis
yaó,i, nananaghóy dahil sa pag-ibig
sa amang namatáy na mapagtang-quilic.

Cun ang ualang patid na ibinabahá.
n~g m~ga mata ko,i, sa hinayang mulà

sa m~ga palayao ni amá,t, arugà
malaquíng pálad co,t, matamís na luhà.

N~guni,t, ang nanaháng maralítang túbig
sa muc-hà,t, dibdib cong laguíng dumidilig
cay amá n~ga galing dapoua,t, sa ban~gís
hindí sa anduca, at pagatang-quilic.

Ang matatauag cong palayo sa aquin
n~g amá co,i, tóng acó,i, pagliluhin,
agauan n~g sintá,t, panasa-nasaing
lumubóg sa dusa,t, búhay co,i, maquítal.

¡May para cong anác na napanganyayá
ang layao sa amá,i, dusa,t, pauang luhà
hindi nacalásáp kahit munting touà
sa masintang ináng pagdaca,i, naualà!

Napahintô rito,t, narin~gig na mulí
ang pananambitan niyaóng natatalí,
na ang uica,i, "Laurang aliu niyaring budhí^[31]
pa-alam ang abáng candóng n~g paghati.

Lumaguì ca naua sa caligayahan
sa haráp n~g dîmo esposong catipán,
at houag mong datnín yaring quinaratnán
n~g casign linimot, at pinagliluhan.

Cong nagban~gis cama,t, nagsucáb sa aquin,
mahal ca rin lubha diní sa panimdím,
at cong mangyayari hangáng sa malibíng
ang m~ga butó co quita,i, sisintahín.

Páhiná 20

Dîpa natatapos itóng pan~gun~gusap
may dalauang Leóng han~gós ng paglacad,
siya,i, tinuton~go,t, pagsil-in ang han~gad;
n~guni,t, nan~ga tiguil pag datíng sa haráp.

Nan~ga-auâ mandi,t, naualán n~g ban~gis
sa abáng sisil-ing larauan ng sáquit,
nan~ga-catingala,t, parang naquinyig^[32]
sa dí lumilicat na tin~gistan~gis.

¡Anóng loob cayâ nitóng nagagapus,
n~gayóng na sa haráp ang dalauáng hayóp,
na ang balang n~gipí,t, cucó,i, naghahandóg
isang camatayang caquila-quilabot!

Dî co na masabi,t, luhà co,i, nanatác,
na-uumid yaring dilang nan~gun~gusap,
pusò co,i, nanglambot sa malaquíng habág
sa ca-aua-auang quinucob ng hirap.

¡Sinong dí mahapis na may caramdaman
sa lagay ng gapús na calumbay-lumbay,^[33]
lipus n~g pighati sacá tinutunghán,
sa lamán at butó niya, ang hihimáy!

Catualâ na n~gâ itóng tiguib sáquit
na ang búhay niya,i, tungtóng na sa guhit,
linagnát ang pusò,t, nasirâ ang voses,
dína mauatasan halos itóng hibic.

"Paalam Albaniang pinamamayanan
n~g casama,t, lupit, han~gis caliluhan,
acóng tangulan mo,i, cusa mang pinatay,
sa iyó,i, malaquí ang panghihinayang.

Sa loob mo naua,i, houag mamilantic
ang panirang talím n~g catalong caliz;
magcá espada cang para ng binitbit
niyaring quinuta mong canang matang-quilic.

Quinasuclamán mo ang ipinan~gacò
sa iyó,i, gugulin niniyac cong dugò
at inibig mopang hayop ang mag bubò,
sa cong itangól ca,i, maubos tumúlo.

Páhiná 21

Pagcabatà cona,i, ualáng inadhicà
cundî pag-lilincod sa iyó,t, calin~gà
¿dí maca-iláng cang babaling masirá
ang mga camáy co,i, siyang tumimauà?

Dustáng camatayan ang bihis mong bayad;
dapoua,t, sa iyo,i, mag papasalamat,
cong pacamahali,t, houag ipahamac
ang tinatan~gisang guiliu na nagsucáb.

Yaóng aquing Laurang hindi mapapacnít
n~g camatayan man sa tapát cong dibdib;
jipa-alam bayan co, pa-alam na ibig,
magdarayang sintang di manao sa ísip!

Bayang ualáng loob, sintáng alibughâ,
Adolfong malapit, Laurang magdarayâ,
magdiuang na n~gayo,t, manulos sa touâ,
at masusunod na sa aquin ang násà.

Na sa harap co na ang lalong maraua,
mabin~gís na lubháng lahing camatayan
malulubos nan~ga ang inyóng casamán,
gayon din ang aquing aalipustaán.

¡Sa abáng-abá co! diatâ ó Laura
mamamatáy aco,i, hindí mo na sintá!
itó ang mapait sa lahat nang dusa,
¡Sa quin ay sino ang mag-aala-ala!

Diyata,t, ang aquing pagca-panganyáya
dí mo tatapunang ng camunting lúhà,
cong yaring búhay co,i, mahimbíng sa ualà
dí babahaguinan n~g munting gunitâ!

Guni-guning itó,i, lubháng macamandág
ágos na lúhà co,t, púsò co,i, ma-agnás,
túlò caloloua,t, sa mata,i, pumulàs,
cayóaquing dugo,i, mag-unahang matác.

Nang matumbasan co ang lúhà, ang sáquit^[34]
nitóng pagcalimot n~g tunay cong ibig;
houag yaring buháy ang siyang itan~gis
cundî ang pagsintang lubós na na-amis.

Páhiná 22

Sa tinaghoy-taghóy na casindac-sindác,
guerrero,i, hindí na napiguil ang habág,
tinuntón ang voses at siyang hinanap,
patalim ang siyang nagbucás n~g landás.

Dauag na masinsi,i, naglagui-laguitic
sa dágoç n~g lubháng matalas na cáliz,
moro,i, dí tumugot hangang dí nasapit
ang binubucalán ng maraming tan~gis.

Anyóng pantay-matá ang lagay n~g arao
niyóng pagcatun~go sa calulunuran^[35]
siyang pagcataos sa quinalalag-yan
nitóng nagagapus na cahambalhambál.

Nang malapit siya,t, abutin ng suliáp
ang sa pagcatai,i,^[36] liniguid n~g hirap,
naualán n~g diua,t, lúha,i, lumagaslás,
catao-án at púso,i, nagapus ng habág.

Malaong natiguil na dí nacaquibô
hinin~ga,i, hinabol na ibig lumayò,
matutulog disin sa habág ang dugô,
cundan~gan nagbangís Leong nan~gag-tayô.

Na-acay n~g gútom at gauing manilâ,
ang-ulí sa ganid at naualáng aua,
handâ na ang n~gipi,t, cucong bagong hasa
at pagsasabayán ang gapós n~g iuâ.

Tanang balahibo,i, pinapan~galisag,
nanindig ang buntót na nacagugulat

sa ban~gis n~g anyô at n~ginasáb-n~gasáb,
Furiang nag n~gan~galit ang siyang catulad.

Nag taás ang camáy, at nanga caamá
sa cato-ang gapá ang cucóng pangsirâ,
nang daracmain na,i, siyang pagsagásâ
niyaóng bagong Marteng lumitao sa lúpâ.

Inusig n~g tagâ ang dalauang León,
si Apolo mandin sa Serpiente Piton,[Q]
ualang bigóng quilós na dí nababaón
ang lubháng bayaning tabác na pamutol.

Cong ipamilantíc ang canang pamatáy,
at sacá isalág ang pang-adyáng camáy,
malilicsing León ay nanga lilińláng
cayâ dí nalao,i, nan~ga-gumong bangcay.

Nang magtagumpay na ang guerrerong bantóg
sa nan~ga-calabang maban~gis na hayop,[37]
lúha,i, tumutulong quinalag ang gápus
ng ca-aua-auang iniuan ang loob.

Halos nabibihay sa habág ang dibdib[38]
dugó,i, ng matingnang nunucal sa guitguít,
sa pagcalág niyang malicsí,i, nainíp
sa siga-sigalót na madláng bilibid.

Cayâ ang guinaua,i, inagapayanan
catauang malatáng parang bagong bangcáy
at minsang pinatid n~g espadang tan~gan
ualang auang lubid na lubháng matibay.

Umupo,t, quinalong na naghihimutoc,
catauan sa dusa hinin~ga,i, natulog,
hinaplus ang muc-ha,t, dibdib ay tinutóp,
násà ng gueerro,i, pagsauláng loob.

Doon sa pagtitig sa pagcálun~gay-n~gay
n~g caniyang cálong na calumbay-lumbay,
nininilay niya, at pinagtatao-hán
ang diquit n~g quias at quinasapitan.

Namamanghâ namán ang magandang quias
casing-isa,t, ayon sa bayaning ticas,
mauiuli disin ang iminamamalas,
na matá, cundan~gan sa malaquíng habág.

Gulong-gulóng lubha ang caniyang loob,
n~guni,t, napayapà n~g anyong cumilos
itóng abáng candong ng calunos-lunos
nagusing ang búhay na nacacátulog.

Sa pagcalun~gay-n~gay matá,i, idinilat,
himutóc ang unang bati sa liuanag,
sinundan n~g taghoy na cahabaghabág
"nasaan ca Laura sa ganitong hirap?

Halina guiliu co,t, gapus co,i, calaguín,
cong mamatáy acó,i, gunitain mo rin,
pumiquít na muli,t, napatid ang daing,
sa may candóng namang tacot na sagutin.

Ipina-n~gan~ganib, ay bacá mabiglâ
magtuloy mapatid hiningang mahinâ
hinintáy na lubós niyang mapayapá
ang loob n~g candóng na lipus dálità.

Nang muling mamulat ay naguiclahanan
"¿sino? ¿Sa aba co,t, na sa morong camay!"
ibig na i-igtád ang lunóng catao-án,
nang hindî mangyari,i, nag-ngalit na lamang.

Sagót n~g guerrero,i, houag na man~ganib
sumapayapaca,t, mag aliu n~g dibdib
n~gayo,i, ligtas cana sa lahát nang sáquit
may cálong sa iyo ang nagtatangquilic.

Cung nasusuclám ca sa aquing candun~gan,
lason sa púso mo nang hindi binyagan,
nacucut-ya acóng dí ca saclolohan
sa iyong nasapit na napacarauál.

Páhiná 25

Ipina-hahayág n~g pananamít mo
tagá Albania ca at aco,i, Perciano
icaoy ay caauay n~g baya,t, secta co,[R]
sa lagay mo n~gayo,i, magcatoto tayo.

Moro aco,i, lubós na táong may dibdib,
ay nasasacalo rin ng útos ng Lan~git,
dini sa púso co,i, cusang natititic
natural na leyng sa abá,i, mahapis.

Anong gagauín co,i, aquing napaquingán
ang iyong pagtaghoy na calumbay-lumbay,
gapús na naquita,t, pamu-mutiuanan
ng dalauáng gánid, n~g bangís na tangan.

Nagbuntóng hini~gá itong abáng calong
at sa umaaliu na moro,i, tumugón,
"cundímo quinalág sa punu n~g cahoy,
nalibíng na acó sa tiyán n~g León.

Payapa na namán disin yaring dibdib;
napag-quiquilalang ca-auay cang labis
at dí binaya-ang nagca-patid-patid,
ang aquing hinin~gáng camataya,t, saquit.[39]

Itóng iyóng aua,i, dí co hinahan~gád,
pataín mo acó,i, siyang pitang habág,
dimo tantô yaring binabatáng hirap
na ang camatayan ang búhay cong hanap.

Dito napahiyao sa malaquing hapis
ang morong may áua,t, lúha,i, tumaguistís,
siyang itinugón sa uicang narin~gig
at sa panglolomo,i, cusang napahilig.

Ano pa,t, capoua hindi macaquibô
dí nanga-calaban sa damdam ng púsò
parang ualáng malay, hangang sa magtágo,t,
humilig si Febo sa hihigáng guintô.

May áuang guerrero ay sa maramdaman
malam-lám na sinag sa gúbat ay nanao,
tinuntón ang landás na pinagda-anan
dinalá ang calong sa pinangalingan.

Páhiná 26

Doon sa naunang hinintúang daco
nang masoc sa gúbat ang bayaning moro
sa isang malapad, malinis na bató
cúsang pinag-yaman ang lugaming pangcô.

Cumuha ng munting báong macacain,
ang angdaralitâ,i, inamong tumiquím
cahit uma-ayao ay nahicayat din
nang sabing malambót na pauang pag-aliu.

Nalouag-louagán ang pang-hihin~gapus
sapagca,t, na-auas sa pagcadayucdóc,
hindí quinucusa,i, tantóng nacatulog,
sa sinapupunan nang guerrerong bantóg.

Itó,i, dí umidlíp sa boong magdamág
sa pag-aalaga,i, nagbatá n~g puyat
ipinan~gan~ganib, ay bacá macagát
nang ganid na madláng nag-gala sa gúbat.

Touing maguiguising sa magaang túlog
itóng lipós hirap, ay naghihimutóc,
pauang tumitiric na anaqui túnod
sa dibdib nang morong may habág at lúnos.

Nang magmamadaling arao, ay nahimbíng
munting napayapa sa dalang hilahil

hangáng sa Aurorang itabóy ang dilim^[S]
ualáng binitiuang himutóc at daing.

Itó ang dahiláng ipinagcasundò
limáng caramdamang parang hinahalò
iquinatiuasáy nang may dúsang púsò
lumacás na mulí ang catao-ang hapò.

Caya,t, nang isabog sa sangsinucuban
ang doradong buhóc nang masayang arao
nag-ban~gong hinaho,t, pinasalamatan
sa Lan~git ang bagong lacás nang catao-an.

Páhiná 27

Sabihin ang touâ nang guerrerong hayág,
ang abáng quinalong ay bigláng niyacap,
cong nang una,i, nucál ang lúha sa habág
n~gayo,i, sa galac na ang ilinagaslás.

Capús ang dilà cong magsaysay nang laquí
nang pasasalamat nitóng quinandili,
cundan~gan ang dusa,i, sa naualáng casi
ay napauí disin sa touang umalí.

Sapagca,t, ang dusang mula sa pag-ibig
cung cahit mangyaring lumayó sa dibdib,
quisáp matá lamang ay agád babalic
at magdadagdág pa sa una nang ban~gís.

Cayâ hindí pa man halos dumadápò
ang toua sa lámad nang may dúsang pusó
ay itinac-uil na nang dálitang lálò
at ang túnod niya,i, siyang itinimó.

Niyapús na mulí ang dibdib nang dúsa
¡hirap ayang bat-hín nang sáquit sa sintá!
dan~gan ina-aliu nang moro sa Persia
natuluyang nánao ang tan~gang hinin~gá.

Iyong natatantô ang aquing paglin~gap,
(anitong Persiano sa nababagabag)
mula nang hirap mo,i, ibig cong matatap
at nang cong may daa,i, malagyan nang lúnas.

Tugóng nang may dusa,i, "dí lamang ang mulâ
niyaring dálita co ang isasalita,
cundi sampong búhay sapól pagcabata,
nang maganapán co ang hin~gí mo,t, nasà.

Nupóng nag-agapay sa punò nang cahoy
ang may daláng habág at lipus lingatong
sacá sinalitang, lúha,i, bumabalong
boong naguing búhay hangang naparool.

"Sa isang Ducado nang Albaniang Ciudad,
doon co naquita ang unang liuanag,
yaring catauha,i, utang cong tinangap
sa Duque Briseo ¡ay amá cong liyag!

Páhiná 28

N~gayóng nariyang ca sa payápang bayan
sa haráp n~g aquing ináng minamahal
Princesa Florescang esposa mong hirang
tangáp ang lúhà cong sa matá,i, hunucál.

¿Baqit naguing tauo acó sa Albania
bayan n~g amá co at di sa Crotona,^[T]
masayáng Ciudad na lúpa ni iná?
disin ang búhay co,i, di lubháng nag dusa.

Ang Duqueng amá co,i, privadong tanungàn
n~g Haring Linceo sa anomang bagay,^[U]
pan~galauáng púno n~g sangcaharían,
hilaga-ang tungo n~g súyo n~g bayan.

Cong sa cabaita,i, ulirán n~g lahát
at sa catapanga,i, pang-úlo sa Ciudad,
ualáng casingdúnong mag mahal sa anác,
umacay, magturo sa gagauing dapat.

Naririn~gig copa halos hangan n~gayón
malayao na tauag n~g amá cong poon,
niyaóng acó,i, bátang quinacandóng-candóng,
taguríng Floranteng bulaclác cong bugtóng.

Itó ang n~galan co, mulang pagcabata,
naguisnán sa amá,t, ináng nag anducà,
pamagát na ambil sa lumuhà-luhà,
at cayacap-yacap n~g màdlang dàlità.

Boong camusmusa,i, dí na sasalitín
ualáng may halagáng nangyari sa quin,
cundi nang sangól pa,i, cusang daraguitin
ng isang Buitreng ibong sadyang saquim.[V]

Páhiná 29

Ang sabi ni iná acó,i, natutulog
sa bahay sa quintang malapit sa bundóc
pumasoc ang ibong pang-amóy, ay abót
hangang tatlong leguas sa patáy na hayop.

Sa sinigao-sigao n~g iná cong mutyà
nasoc ang pinsán cong sa Epiro mulà
n~gala,i, Monalipo may taglay na panà
tinudlà ang ibo,i, namatáy na biglà.

Isang arao namang bagong lumalacad
acó,i, naglalaró sa guitná n~g salas,
may nasoc na Arco,t, bigláng sinambilat[W]
Cupidong diamanteng sa dibdib co,i, hiyas.[X]

Nang tumuntóng acó sa siyam na taón,
palaguíng gauâ co,i, mag aliu sa buról
sachát ang palaso,t, ang búsog ay cálong
pumatay ng hayop, mamána ng ibon.

Sa touing umagang bagong naglalatag
ang anác n~g arao, n~g masayang siñag,[Y]
naglilibang acó sa tabi n~g gubat
mad-lâ ang ca-achbay na m~ga alagad.

Hangang sa tingalín n~g sangaigdigan
ang muchâ ni Febong hindí matitigan
ay sinasagap co ang caligayahang
handóg niyaóng hindí maramot na parang.

Páhiná 30

Aquing tinitipon ang iquinacalat
ng masayáng ban~gó n~g m~ga bulaclác,
ina-aglahi co ang larouang pulad
mahinhíng amiha,t, ibong lumilipad.

Cong acó,i, mayroong matanao na háyop
sa tinitin~galáng malapit na bundóc,
bigláng ibibinit ang panâ sa búsog,
sa minsang tud-lâ co,i, pilit matutuhog.

Tanáng sámang lincód ay nag-aágauan
unang macarampót nang aquing napatáy
ang tiníc sa dauag ay dí dinaramdám,
palibhasa,i, toua ang naca-aacay.

Súcat maligaya sino mang manoód
sa sinuling-suling n~g sáma cong lingcód,
at cong masundúan ang bangcay n~g háyop
ingay n~g hiyauan sa loob n~g tumóc.

Ang larouáng búsog ay cong pag-sauaan,
u-upo sa tabí n~g matuling bucál,
at mananalamín sa linao n~g cristal,
sasagap n~g lamig na ini-áalay.

Dito,i, mauiuli sa mahinhing tinig
n~g nan~gag-sasayáng Nayadas sa bátis,[Z]
taguintíng n~g Lírang catuno n~g auit[AA]
mabisang pamaui sa lumbay n~g dibdib.

Sa tamis n~g tinig na cahalac-halác
n~g nag-aauitang masasayáng Ninfas,[AB]

Páhiná 31

na-aanyayahan sampóng lumilipád
sari-saring ibong agauán n~g dilág.

Cayâ n~ga,t, sa san~ga n~g cahoy na ducláy
sa mahál na bátis na iguinagalang[AC]
ang bulág na gentil, ay nag lulucsuhan
ibo,i, naquiquinig n~g pag-aauitan.

Anhín cong saysain ang tinamóng touá
ng cabataan co,t, malauig na lubhá
pag-ibig ni amá,i, siyang naguing mulà
lisanin co yaóng gúbat na payapa.

Pag ibig anaqui,t, aquing naquilala
dí dapat palac-hín ang bata sa sayá
at sa catoua-a,i, capag-namihasa
cong lumaquí,i, ualáng hihintíng guinhaua.

Sa pagca,t, ang mundo,i, bayan n~g hinagpis
namamaya,i, súcat tibayan ang dibdib,
lumaquí sa toua,i, ualáng pagtiti-is
¿anóng ilalaban sa dahás n~g sáquit?

Ang táuong mágaui sa ligaya,t, aliu
mahinà ang púso,t, lubháng maramdamin,
inaacala pa lamang ang hilahil,
na daratná,i, dinâ matutuhang bat-hín.

Para n~g halamang lumaguí sa tubig,
daho,i, malalantá munting dí madilig,
iquinalolo-óy ang sandaling init,
gayón din ang púsong sa toua,i, mani-ig.

Munting cahirapa,i, mamalac-híng dalá,
dibdib palibhasa,i, dí gauing magbatá,
ay bago,i, sa mundo,i, ualang quisáp matá
ang tauo,i, mayroong súcat ipagdusa.

Ang laquí sa layao caraniua,i, hubád
sa bait at muni,t, sa hatol ay salát,
masacláp na bún~ga ng malíng paglin~gap,
habág n~g magulang sa irog na anác.

Sa taguríng bunsót, licóng pag mamahál
ang isinasama n~g báta,i, nunucál
ang iba,i, marahil sa capabayaan
nang dapat magturong tamád na magulang.

Ang lahá nang itó,i, cay amáng talastás,
cayâ n~ga ang lúha ni ina,i, hinamac,
at ipinadalá acó sa Atenas,[AD]
bulág na ísip co,i, n~g doon mamulat.

Pag-aral sa aquin qy ipinatungcól
sa isang mabait, maestrong marunong
lahi ni Pitaco, n~gala,i, si Antenor,[AE]
lumbay co,i, sabihin nang dumating doon.

May sangbouan halos na dí nacacain,
lúhà sa matá co,i, dí mapiguil-piguil;
n~guni,t, napayapà sa laguing pag-aliu
n~g bunying maestrong may cupcup sa quin.

Sa dinatnán doong nad-láng nag-aaral
caparis cong bata,t, cabaguntauhan,
isa,i, si Adolfong aquing cababayan,
anác niyaóng Condeng Silenong maran~gal.

Ang caniyang taó,i, labis n~g dalauá
sa dalá cong edad na lalabing-isá,
siyang pinopoón n~g boong escuela,
marunong sa lahá na magcacasama.

Mahinhín ang asal na hindí magasó
at cong lumacad pa,i, palaguing patungó,
mabining man~gúsap at ualáng catalo
lapastan~ganin ma,i, hindi nabubuyó.

Ano pa,t, sa bait ay siyang huaran[40]
n~g nagcacatipong nagsisipag-aral,
sa gauâ at uica,i, dî mahuhulihan[41]
n~g munting panirà sa magandang asal.

Ni ang catalasan n~g aming maestro
at pagca-bihasa sa lacad n~g mundó,
ay hindi nataróc ang lihim at tungo
ng púsong malihim nitong si Adolfo.

Acóng pagcabata,i, ang quinamulatan
cay amá,i, ang bait na dî páimbabáo,
yaong namumunga n~g caligayahan,
nanacay sa púsong suyui,t, igalang.

Sa pinagtatac-hán n~g bong escuela,
bait ni Adolfong ipinaquiquita,
dico malasapán ang haing ligaya
n~g magandang asal n~g amá co,t, iá.[42]

Púso co,i, ninilag na siya,i, guiliuin,
ayauan cun baquit at naririmarim,
si Adolfo nama,i, gayon din sa aquin,
nararamdamán co cahit lubháng lihim.

Arao ay natacbó, at ang cabata-an
sa pag-aaral co sa qui,i, nananao,
bait co,i, luminis at ang carunungan
ang bulág cong ísip ay cúsang dinamtán.

Nataróc ang lalim n~g filosofía,
aquiring natutuhan ang astrología,
natanóng malinis ang catacá-tacá
at mayamang dunong n~g matemática.

Sa loob n~g anim na taóng lumacad
itóng tatlóng dunong ay aquiring nayacap
tanáng casama co,i, nagsi-pangilalás
sampô n~g maestrong toua,i, dili hamac.

Ang pagcatutu co,i, anaqui himalâ,[43]
sampô ni Adolfo,i, naiuan sa guitnâ,
maingay na lamang taga pamalitâ,
sa boong Atenas, ay gumálâ-galá.

Cayâ n~gâ at acó ang naguing hantun~gan
tungo ng salita n~g tauo sa bayan,
muláng báta,t, hangang catanda-tandaan,
ay nacatalastás n~g aquiring pan~galan.

Dito na nahubdán ang cababayan co
n~g hiram na bait na binalat-cayô,
cahinhinang ásal na paquitang tauo
naquilalang hindi bucal cay Adolfo.

Matantô n~g lahat na cayâ nanamit
niyaóng caba-itang di taglay sa dibdib,
ay nang maragdag pa sa tálas nang isip
itóng capuriháng mahinhi,t, mabait.

Ang lihim na itó,i, caya nahalatâ,
dumating ang arao nang pagca-catoua,
caming nag aaral bagong tauo,t, batâ
sari-saring laro ang minunacala.

Minulán ang galí sa pagsasayauan[44]
ayon sa música,t, auit na saliuán,
laróng bunó,t, arnés na quinaquitaan
nang cani-caniyang licsi,t, carunungan.

Sacâ ilinabás namin ang tragedia
nang dalauang apó nang túnay na iná,[AF]
at man~ga capatid nang nag-iuing amáng
anác at esposo nang Reina Yocasta.

Papel ni Eteocles ang naguing tungcól co,
at si Polinice nama,i, cay Adolfo,

isang ca-escuela,i, siyang nag Adrasto,[AG]
at ang nag Yocasta,i, bunying si Minandro.

Páhiná 35

Ano,i, nang mumulán ang unang batalia,
ay ang aming papel ang magca-cabaca,
nang dapat sabihing aco,i, comilala,t,
siya,i, capatid cong cay Edipong bún~ga.[AH]

Nang-lisic ang matá,t, ang ipinagsaysáy,
ay hindi ang dichong na sa original
cundi ang uica,i, "icao na umagao
nang capurihán co,i, dapat cang mamatáy"

Hinandulóng acó, sabáy nitóng uicá,
nang patalím niyang pamatáy na handá,
dan~gan naca-ias aco,i, nabulagta
sa tatlong mari-ing binitiuang tagá.

Aco,i, napahiga sa inilag-ilag,
sinabayáng biglá nang tagáng malacas,
¡salamat sa iyó ó Minandrong liyag,
cundi ang licsi mo búhay co,i, na-utás!

Nasalag ang dágoc na camatayan co,
lumipád ang tangang cáliz ni Adolfo
siyang pag-paguitná nang aming maestro,
at naualang-diuang casama,t, catoto.

Anopa,t, natapus yaóng catoua-án
sa pan~gin~gilabot, at capighatian;
si Adolfo,i, dína naman nabúcasan,
noón di,i, nahatid sa Albaniang bayan.

Páhiná 36

Nanguing sangtaón pa acó sa Atenas
hinintay ang loob nang amá cong liyag,
¡sa abá co,t! noo,i, tumanggap nang sulat,
na ang balang letra,i, iuang may camandág.

¡Gunam-gunam na dí napagod humapis
dí ca na-ianod nang lúhang mabilís,
iyóng guinuguló ang bait co,t, ísip
at dimo payagang payapà ang dibdib!

¡Camandág cang lagac niyaong camatayan[45]
sa sintang Iná co,i, di nagpacundangan,
sinasariua mo ang súgat na laláng
nang aquing tinagáp na palasóng liham!

Tutulun~gang quitá n~gayóng magpalalá
nang hapdí sa púsong di co ma-apulá,
namatáy si Iná ay laquing dálitá
itó sa búhay co ang unang umiua.

Patáy na dinampó sa aquing pagbasa
niyóng letrang titic ng biguing na pluma
¡diyata Amá co at nacasulat ca
n~g pamatíd búhay sa anác na sintá!

May dalauang oras na dí nacamalay
n~g pagca-tauro co,t, n~g quinalalag-yán,
dan~gan sa calin~ga n~g casamang tanán
ay dí mo na acó na casalitaan.

Nang mahimasma,i, narito ang sáquit,
dalauá cong matá,i, nanguing parang bátis,
ang ¡ay! ¡ay! Ina,i,! cong cayâ mapatíd
ay nacalimutan ang paghin~gáng guipít.

Sa panahóng yaó,i, ang boó cong damdám
ay nanao sa aquin ang sangdaigdigan,
ang-iisá acó sa guitná ng lumbay
ang quinacabaca,i, sarili cong búhay.

Hinamac ng aquing pighatíng mabangís
ang sa Maestro cong pang-aliu na voses,
ni ang lúhang túlong ng samang may hapis,
ay di naca-auás sa pasán cong sáquit.

Páhiná 37

Baras ng matouid ay linapastangan
ng lubháng marahás na capighatian,
at sa isang titig ng palalong lumbáy
diua,i, lumilipád niyaring cati-isan.[46]

Anopa,t, sa bangís ng dusang bumugsò
minamasaráp cong mutóc yaring púsò
at ng ang camandág na nacapupunò
sumamang dumaloy sa ágos ng dugò.

May dalauáng buang hindî nacatiquím
acó ng linamnám ng payapa,t, aliu,
icalauang súlat ni ama,i, dumatíng
sampo ng sasakiang sumundo sa aquín.

Saad sa calatas ay bigláng lumulan
at acó,i, omoui sa Albaniang bayan
sa aquing Maestro ng napaaalam
aniya,i, "Florante bilin co,i, tandaan.

Houag malilin~gat, at pag ingatan mo
ang higantíng handâ ng Conde Adolfo
pailág-ilágang parang baselisco[47]
súcat na ang titig na matáy sa iyó.[48]

Cun ang isalubong sa iyóng pagdating,
ay masayang muc-ha,t, may paquitang giliu,
lalong paingata,t, caauay na lihim
siyang isa-isip na cacabacahin.

Dapoua,t, houag cang magpapahalatá
taróc mo ang lalim n~g caniyang násà
ang sasandatahi,i, lihim na ihandâ,
n~g may ipagtangol sa arao ng digmâ.

Sa mauica itó lúha,i, bumalisbís,
at acó,i, niyacap na pinacahigpít,
hulíng tagubilin "bunsó,i, catiti-is
at hinhintay ca ng maraming sáquit.

At mumul-án mona ang paquiquilaban
sa mundóng bayaning púnong caliluhan"
hindî na natapus, at sa calumbayan
piniguil ang dilà niyang pagsasaysáy.

Nagca-bitu caming malunbáy capouá
tanáng ca-escuela mata,i, lumuluhà
si Minandro,i, labis ang pagdarálitá
palibhasa,i, tapát na capouà batà.

Sa pagca-calapat n~g balicat namin
ang mut-yáng catoto,i, di bumitiu-bitu
hangang tinulutang sumama sa aquin
ng aming mastrong caniyang amaín.

Yaóng pa-alama,i, anopa,t, natapos
sa pagsasaliuan n~g madláng himutóc,
at sa cain~gaya,t, guló n~g adios
ang buntóng hinin~gá ay naquiquisagót.

Mag pahangang daóng ay nagsipatnubay
ang aquing maestro,t, casamang iuan;
homihip ang han~gi,t, agád nahiuáláy
sa pasig Atenas ang aming sasaquián.

Bininit sa búsog ang siyang catulad
n~g túlin n~g aming daóng sa paglayag,
cayá dí nalaon paá co,i, yumapac
sa dalampasigan ng Albaniang Ciudad.

Pag-ahon co,i, agád nagtuloy sa Quinta,
dí humihualay ang catotong sintá;
pag-halíc sa camáy n~g poong cong Amá.
lumala ang sáquit n~g dahil cay Iná.

Nagdurugong mulí ang sugat n~g púsò
humiguít sa una ang dusang bumugsò,

naucang casunód n~g lúhang tumulò
jay Amáng! casabay n~g báting jay bunso!

Anopa,t, ang aming búhay na mag amá
nayapus n~g bangís n~g sing-isang dusa,
cami ay dinatnáng nagcacayacap pa
niyaóng Embajador n~g bayang Crotona.

Nacapangaling na sa Palacio Real,
at ipinagsábi sa Hari ang pacay
dalá,i, isang súlat sa Amá cong hirang
titic ng Monarcang caniyang bianan.

Humihin~ging túlong, at na sa pan~gambá
ang Crotonang Reino,i, cubcób n~g cabaca,
ang púnò n~g hocbo,i, balita n~g siglá
General Osmalic na bayaning Persa.

Ayon sa balita,i, pan~galauá itó
ng Principe niyang bantóg sa sangmundó
Aladíng quilabot n~g m~ga guerrero
iyóng cababayang hinahan~ga-ang co.

Dito napangití ang morong ca-usap
sa nagsasalita,i, tumugóng banayad
aniya,i, bihirang balita,i, magtapát
cong magcatotoó ma,i, marami ang dagdág.

At sacá madalás ilalá n~g tapang,
ay ang guniguning tacot n~g calaban,
ang isang guerrerong palarang magduang
mababalita na at pan~gin~gila~gan.

Cong sa catapan~ga,i, bantóg si Aladín
may búhay rin namáng súcat na maquití;
iyóng matatantóng casimpantáy morin
sa casamáng pálad at daláng hilahil.

Sagót ni Florante, houag ding maparis
ang guerrerong bantóg sa pálad cong amis
at sa ca-auay ma,i, di co ninanais
ang lahi ng dúsang aquing napagsapit.

Matantô ni Amá ang gayóng sacunà
sa Crotonang baya,i, may balang sumirà^[49]
acó,i, isinama,t, humaráp na biglá.
sa haring Linceong may gayac n~g digmá.

Camí ay bago pang nanaquiát sa hagdán
n~g Palaciong batbát n~g hiyas at yaman,
ay sumalúbong na ang Haring marangál,
niyacap si Amá,t, acó,i, quinamayán.

Ang uica,i, ó Duque, ang quiás na itó
ang siyang camuc-há n~g bunying guerrero,
aquing napan~garap na sabi sa iyó,
maguiguing haligui n~g Cetro co,t, Reino.

¿Sino ito,t, saán nangaling na Ciudad?
ang sagót ni Amá "ay bugtóng cong anác
na inihahandóg sa mahal mong yápac
ibilang sa isang vasallo,t, alagád."

Namanghá ang hari at niyacap acó,
"mabuting panahón itóng pagdatíng mo,
icaó ang general nang hocbóng dadaló
sa bayang Crotonang quinubcób nang moro.

Patotohanan mong hindi ibá,t, icaó,
ang napan~garap cong guerrerong matapang,
na naglalathalá sa sangsinucuban
nang capurihán co at capangyarihan.

Iyóng cautan~gan paroong mag-adia,
nunò mo ang Hari sa bayang Crotona;
dugò cang mataás, ay dapat cumita
nang sariling dan~gál, at bunyí sa guerra."

Sa pagca,t, matouid ang sa Haring saysáy,
umayon si amá cahi,t, mapaít man,
nang agád masubò sa pagpapatayan
ang ca battan co,t, di cabihasahan.

Acó,i, ualang sagót, na na-ipahayag
cundî "Haring poo.t." nagdapâ sa yapac,
nang aqing hahagcán ang mahal na bacás,
cúsang itinindíg at mulíng niyacap.

Nag-upuán cami,t, sacá nag panayám
nang balabalaqui,t, may halagáng bagay,
nang sasalitín co ang pinag-daanan
sa bayang Atenas na pinangalin~gan.

Páhiná 41

Siyang pamimitác at cúsang nag sabog
nang ningning, ang tálang ca-agáo ni Venus,[AI]
anaqui ay bagong umahon sa búbog,
buhóc ay nag lugay sa perlas na bátoc.

Touáng pan~galauá cong hindí man Lan~git
ang itinapon nang mahinhing titig,
ó ang lualhating búco nang ninibig
pain ni Cupidong ualáng macáraquip.[AJ]

Liuanag nang muc-há,i, ualang pinag-ibhan,
cay Febo cong anyóng bagong sumisilang,
catao-ang butihin ay timbáng na timbáng
at mistulang ayon sa hinhín nang ásal.

Sa caligayaha,i, ang nacaca-ayos
bulaclác na bagong uinahi nang hamóg,
anopa,t, sino mang paláring manoód
pátay ó himalâ cong hindí umirog.

Itó ay si Laurang iquinasisirà
nang pag-iisip co touing magunitâ,
at dahil nang tanáng himutóc at luhà
itinutuno co sa pagsasalitâ.

Anac ni Linceong haring napahámac,
at quinabucasan nang aqing paglíyag:
baquit itinulot lan~git na mataás,
na mapanoód co, cong dí acó dapat?

¡O haring Linceo cong dí mo pinilit
na sa salitaan nati,i, maquipanig
ang búhay co disi,i, hindí nagcasáquit
ngayong pagliluhan nang anác mong ibig!

Páhiná 42

Hindí catoto co,t, si Laura,i, dí tacsíl
¡aiuan cong ano,t, lumimot sa aquin!
ang pálad co,i, siyang alipusta,t, linsil
di laáng magtamó nang touâ sa guiliu.

¿Macacapit caya ang gauang magsucab
sa pinacayaman nang lan~git sa dilág?
cagandaha,i, báquit di macapagcalág
nang pagca capatid sa maglilong lácad?

Cong nalalagáy ca ang mamatouirín,
sa láot nang madláng súcat ipagtacsíl,
¿dili ang dan~gal mong dapat na lingapin
mahiguit sa ualáng cagandaha,t, ningning?

Itó ay hámac pa bagáng sumangsalà
ng carupucán mo, at gauíng masama?
ng taás, n~g pagcadaquilà,
siyaring lagapác namán cong marapá.

O bunyíng guerrerong! na-auà sa aquin,
pag silang na niyaong nabagong bitoín,
sa pagcaquita co,i, sabáy ang pag guiliu,
inagao ang púsong sa Iná co,i, hain.

Anopa,t, ang lúhang sa mata,i, nanágos
nang pagca-ulila sa Iná cong irog,

na tungcol sa sintá,t, púso,i, nan~gilabot
bacâ di marapat sa gayóng alindóg.

Hindí co maquita ang patas na uicà
sa caguluhan co,t, pagca-ualáng diuà
nang maqui-umpóc na,i, ang aqing salitâ,
anhin mang tourin, ay magcacalisiyâ.^[50]

Nang malutas yaóng pagsasalitaan,
ay ualâ na acóng camahad-licaan,
caloloua,i, gulo,t, púso,i, nadararáng
sa nin~gas nang sintang bago cong naticmán.

Páhiná 43

Tatlóng arao noong piniguing nang Hari
sa Palacio Real na sa yama,i, bunyî,
ay dí nacausap ang púnong pighatî
na ina asahang ilulualhati.

Dito co naticmán ang lalong hinagpís,
higuít sa dálitang na unang tini-ís,
at binula-ang co ang lahat nang sáquit,
cong sa cahirapan mulâ sa pag ibig.

Salamat at niyaóng sa quinabucasan
hucbó co,i, lalacad sa Crotonang bayan,
sandalíng pinalad, na nacapanayam
ang Princesang nihag niyaring catauhan.

Ipinahayag co nang uicang ma-irog,
nang buntóng-hinin~gá, lúhà at himutóc,
ang matinding sintang iquina-lulunod
mag-pahangán n~gayon nang búhay cong capús.

Ang púsong matibay nang himaláng diquít
nahambál sa aqing malumbáy na hibíc
dangan ang caniyáng catutubong bait
ay humadláng, disin sintá co,i, nabihis.

N~guni,i, cun ang ó-o,i, dí man binitiuhan
naliuanagan din sintang nadidimlán
at sa pag-panao co ay pinabauanan
nang may hiyang perlas na sa matá,i, nucál.

Dumatíng ang bucas nang aqing pag-alís^[51]
¿sino ang sasayod nang bumugsóng sáquit?
¿dini sa púso co,i, alíu ang hinag-pís^[52]
na hindí nagtimo nang caniyang cáliz?

¿May sáquit pa cayang lalalo nang tindí
sa ang sumisinta,i, maualay sa casi?
guni-guní lamang dí na ang mang-yari,
súcat icalugmóc nang púsong bayani.

Páhiná 44

¡O nangag-aalay nang maban~gong suób
sa daquilang altar ni Cupidong Dios
sa dusa co,i, cayó ang nacataróc,
niyaóng man~gulila sa Laura cong irog!

At cundi sa lúhang pabaon sa aquin
namatáy na muna bago co na-atím
dúsang dí lumicat hangang sa dumatíng
sa bayang Crotonang cubcób nang hilahil.

Cuta,i, lulugsó na sa bayóng madalás
nang man~ga maquinang talagáng pang-ualat
siyang paglusob co,t, nang hucbong aquibat
guinipít ang digmáng cumubcób sa Ciudad.

Dito,i, ang masid-híng lubháng camatayan
at Parcas Aropos ay nagdamdám pagál^[53]
sa pag-gapas nila,t, pagquitíl nang búhay
nang nag-hihin~galóng sa dugo,i, nag-lutang.

Naquita nang píling general Osmalíc
ang aqing marahás na pamimiyapis
pitóng susóng hanay na dúlo nang cáliz
uinahi nang tabác nang aco,i, masapit.

Sa caliuat, cánan niya,i, nalagalág
man~ga soldados cong pauang mararahás
lumapit sa aquin matá,i, nagninin~gas
halica aniya,t, quita ang maglamas.

Limang oras caming hindi nag-hialay
hangang sa nahapó ang bató nang tapang
nag-lucsá ang lan~git nang aquing mapatáy
habág sa guerrerong sa mundo,i, tinac-hán.

Siya nang pagsilid nang pan~gin~gilabot
sa calabang hucbóng parang sinasalot
nang pamuc-sáng tabác ni Minandrang bantóg;
ang campo,t, victoria,i, napa-aming lubós.

Tagumpáy na ito,i, pumauí nang lumbáy
nang man~ga nacubcób nang casacuna-an
panganib sa púso,i, naguíng catoua-án;
ang pintó nang Ciudad pagdaca,i, nabucsán.

Sinalubong camí nang Haring daquilá
casama ang boong bayang natimaua
ang pasasalamat ay dí ma-apula
sa di magca-uastóng nagpupuring dilà.

Yaóng bayang hapo,t, bagong nacatigháo[54]
sa nagbálang bangis nang man~ga ca-auay
sa pagca-timauà ay nag-aagauáng[55]
málapit sa aqui,t, damít co,i, mahagcán.

Sa lacás nang hiyao nang famang matabil[AK]
vivang dugtóng-dugtóng ay naquiquisaliu
ang gulang salamat nagtangól sa amin.
dinin~gig sa Langit n~g m~ga bituin.

Lalò na ang touâ nang aco,i, matatap
na apó nang hari nilang liniliyag
ang monarca nama,i, dí muntí ang galác
lúhà ang nagsabi nang ligayang ganáp.

Nagsi-akiát camí sa palaciong bantóg
at nangag-pahin~gá ang soldadong pagód,
dapoua,t, ang baya,i, tatlong arao halos
na nacalimutan ang gauíng pagtulog.

Sa ligaya namin nang nunò cong hari
naquipag-itan din ang lilong pighatí
at ang pagcamatáy nang Ina cong pilí
malaon nang lantá,i, nanariuang mulí.

Dito naniuala ang batà cong loob
na sa mundo,i, ualang catoua-áng lubós,
sa minsang ligaya,i, talì nang casunód,
macapitóng lumbáy ó hangang matapos.

Maguíng limáng bouán acó sa Crotona
nag-pilit bumalíc sa Reinong Albania
¿di sinong susumáng sa acay nang sintá
cun ang tinutun~go,i, lalo,t, isang Laura?

Sa gayóng catulin nang aming paglacad
nai-inip aco,t, ang nása,i, lumipád,
jabá,t,! nang matanao ang muóg nang Ciudad,
cumutóg sa aquing púso,i, lalong hírap!

Cayâ palá gayo,i, ang nauauagay-uay
sa cúta,i, hindi na bandilang binyagan
cundi Medialuna,t, Reino,i nasalacay[AL]
ni Aladíng sálot nang pasuquing bayan.

Ang aca,i, cong hocbo,i, cúsang pinahimpil
sa paá nang isang bundóc na mabangín,
dí caguinsa-guinsa,i, natanauán namin
pulutong nang morong lacad ay mahinhín.

Isang bini-bini ang gapós na tagláy
na sa damdám nami,i, tangcáng pupugútan

ang púsò co,i, lálóng na-ipit nang lumbáy
sa gunitáng bacá si Laura cong búhay.

Cayâ dí napiguil ang ácay nang loób
at ang man~ga moro,i, bigla cong linusob,
¡palad nang tumacbó at hindí natapus,
sa aqing pamuc-sáng cáliz na may poót!

Nang ualâ na acóng pagbuntuháng gálit
sa di macaquibóng gapós ay lumapit,
ang taquip sa muc-ha,i, nang aqing i-alis
¡abá co,t, si Laura! ¿may laló pang sáquit?

Pupugutan dahil sa hindí pagtangáp
sa sintang mahalay nang Emir sa Ciudad,^[AM]
nang mag-ásal hayop ang morong pan~gahás
tinampál sa muc-hâ ang himalang dilág.

Aqing dali-daling quinalág sa camay
ang lúbid na ualáng auà at pitagan
man~ga daliri co,i, na aalang-alang
marampí sa balát na cagalang-galang.

Dito naca-tangáp nang lúnas na titig
ang nagdaralitáng púsò sa pag-ibig,
arao nang ligayang una cong pag-din~gig
nang sintang Florante sa cay Laurang bibíg.

Nang aqing matantóng na sa bilangúan
ang bunying Monarca,t, ang Amá cong hirang
nag-utos sa hocbo,t, aming sinalacay
hangang dí nabauì ang Albaniang bayan.

Pagpasoc na namin sa loob nang Reino,
bilangua,i, siyang una cong tinun~go
hinán~go ang Hari,t, ang Duqueng Amá co,
sa caguino-cha,i, isá si Adolfo.

Labis ang ligayang quinamtán ng Hari
at nang natimauang camahalang pili
si Adolfo lamang ang nagdalamhati^[56]
sa capurihán cong tinamó ang sanhî.

Pan~gimbuló niya,i, lalò nang nag-álab
nang aco,i, tauagin tangúlan nang Ciudad,
at ipinagdiuang nang Haring mataás
sa Palacio Real nang lubós na galác.

Sacá nahalatáng aco,i minamahál
nang pinag-uusig niyáng cariquitan
ang Conde Adolfo,i, nag-papacamatáy
dahil sa Corona, cay Laura,i, macasal.

Lumagò ang binhíng mulâ sa Atenas
ipinunlang násang aco,i, ipahamac
cay Adolfo,i, ualáng bagay na masac-láp
para nang búhay cong hindi ma-útas.

Di nag iláng buan ang sa Reinong touà
at pasasalamat sa pagca-timua,
dumating ang isang hucbong maninira
nang taga Turkiang masaquím na lubha.

Dito ang pan~ganib at pag-iiyacan
nang bagong nahugot sa dálitang bayan^[57]
lalo na si Laura,t, ang capan~gambahán
ang acó ay samíng pálad sa patayan.

Sa pagca,t, general acóng ini-átas
nang Harí sa hocbóng sa moro,i, lalabás
nag-uli ang loob nang bayang nasindác,
púsò ni Adolfo,i, parang nacamandág.

Linoob nang Lan~git na aqing nasúpil
ang hocbó nang bantóg na si Miramolín
siyang mulang arao na iquinalaguím
sa reinong Albania, nang turcong masaquím.

Bucód dito,i, madláng digmâ nang ca-auay
ang sunód-sunód cong pinag-tagumpayán
ano pa,t, sa aquing cáliz na matapang
labing-pitóng hari ang nan~gag-sigalang.

Isang arao acóng bagong nagvictoria
sa Etoliang Ciudad na cúsang binaca
tumangáp ng súlat n~g aquing Monarca
mahigpít na biling moui sa Albania.

At ang panihála sa dalá cong hochó
ipinagtiualang iuan cay Minandro;
noón di,i, tumulac sa Etoliang Reino,
pagsunód sa Hari,t, Albania,i, tinun~go.

Nang dumatíng aco,i, gabíng cadilimán
pumasoc sa Reinong ualáng agam-agam
pagdaca,i, quinubcob ¡laquíng caliluhan!
na may tatlóng-pauong libong sandatahán.

Di binig-yang daang aquing pang mabunot
ang sacbát na cáliz at maca-pamoóc
boong catauán co,i, binidbíd ng gápos
piniit sa cárcel na catacot-tacot.

Páhiná 49

Sabihin ang aquing pamamangha,t, lumbáy
lálo nang matantóng Monarca,i, pinatáy
n~g Conde Adolfo cúsang idinamay,
ang Amá cong irog na mapagpalayao.

Ang násang yumama,t, háring mapataniág,
at uháo sa aquing dugô, ang yumacag,
sa púso ng Conde, sa gauáng magsucáb
¡o napacarauál na Albaniang Ciudad!

Mahigpít cang abá sa mapag-punuán
n~g han~gal na púnò at masamáng ásal,
sa pagca,t, ang Haring may han~gad sa yaman
ay maring hampás nang Lan~git, sa bayan.

Aco,i, lálong abá,t, dinayà n~g ibig,
¿may cahirapan pang para n~g marin~gig,
na ang princesa co,i, nangacong mahigpít
pacasál sa Conde Adolfong balaus?

Itó ang nagcalat n~g lásong masid-hi
sa ugát ng aquing púsong mapighatí,
at pinag-nasaang búhay co,i, madalí
sa pinangalin~gang uala,i, magsaulí.

Sa pagcabilangóng labing-ualóng arao
na iiníp acó n~g di pagcamatáy,
gabí n~g hangoi,t, ipinagtuluyan
sa gúba,t, na ito,t, cúsang ipinugal.[58]

Bilang macalauang maliguíd ni Febo
ang sangdaigdigan sa pagca-gapus co,
ng ina-acalang na sa ibang Mundó
imulat ang matá,i, na sa candungan mo.

Itó ang búhay cong silo-silong sáquit
at hindi pa tantô ang huling sasapit"
mahabang salítá, ay dito napatíd,
ang guerrero naman ang siyang nagsulit.

"Ang pagcabúhay mo,i, yamang natalastás,
tantoín mo namán n~gayon ang caúsap,
acó ang Aladin sa Perciang Ciudad
aná n~g balitang sultáng Alí-Adab.

Páhiná 50

Sa pagbátis niyaring mapait na lúhà
ang pagcabúhay co,i, súcat mahalatá....
¡ay Amá co! baguit...? ¡ay Fleridang toua!
catoto,i, bayaan aco,i, mapayapa.

Magsama na quitáng sa lúha,i, ma-agnás,
yamang pinag-isá n~g masamáng pálad

sa gúbat na ito,i, antain ang uacás
ng pagcabúhay tang nalipós n~g hirap.

Hindí na inulit ni Florante namán
luha ni Aladi,i, pina-ibayuhan;
tumahán sa gúbat na may limáng bouan,
ng isang umaga,i, nagan-yác nag-libáng.

Canilang linibot ang loób n~g gúbat
cahit bahag-ya na macaquitang landás,[59]
dito sinalità ni Alading hayág,
ang caniyáng búhay na cahabag-habag.[60]

"Aniya,i, sa madláng guerrang pinagda-anan[61]
dî acó naghirap ng paquiquilaban,
para n~g bacahin ang púsong matibay
ni Fleridang irog na tinatan~gisan.

Cong naquiqui-umpóc sa madláng princesa,i,
si Diana,i, sa guitná ng maraming Ninfa,[AN][62]
caya,t, cun tauaguin sa Reino n~g Percia
isá sa Houris n~g m~ga Profeta.[AO]

Ano pa,t, pinalad na aqing dinaig
sa catiyaga-an ang púsong matipíd[63]
at pagcaca-isa ng dalauang dibdib,
pagsintá ni ama,i, nabuyong gumi-it.

Dito na minulán ang pagpapahirap
sa aqui,t, ninasang búhay co,i, mautás
at n~g mag victoria sa Albaniang Ciudad
pag dating sa Percia,i, binilangóng agád.

At ang ibinuhat na casalanang co
dipa útos niya,i, iniuan ang hochó
at n~g mabalitang Reino,i, naibauí mo,
aco,i, hinatulang pugutan ng úlo.

Nang gabíng malungcót na quinabucasan
uacás na tadhanang aco,i, pupugutan,
sa carcel ay nasoc ang isang general
dalá ang patawad na laong pamatáy.

Tadhanang mahigpit, ay malís pagdaca
houag mabucasan sa Reino n~g Percia,
sa munting pag souáy búhay co ang dusa;
sinonód co,t, útos n~g Hari co,t, amá.

N~guni,t, sa púso co,i, matamis pang lubha
natulóy naquitíl ang hiningáng aba
houag ang may búhay na nagugunita
ibá ang may candóng sa Lan~git co,t, toua.

May anim na n~gayóng taóng ualang licat[64]
nang linibot libot na casama,i, hirap...."
nápatiguil dito,t, sila,i, may nabat-yág
nagsa-salitaan sa loób nang gúbat.

Napaquingán nila,i, ang ganitóng saysay
"nang aqing matatap na papupugutan
ang abáng sintá cong nasa bilangguan
nag dapa sa yapac nang Haring sucaban.

Iihin~gíng tauad nang luha at daing
ang caniyang anác na mutya co,t, guiliu
ang sagót ay cundi cusa cong tangapin
ang pagsintá niya,i, di patatauarin.

¿Anóng gagauín co sa ganitóng bagay?
jang sintá co caya,i, baya-an mamatáy!
napahinuhod na acó,t, nang mabúhay
ang Principeng irog na cahambal-hambál.

Ang dî nabalínong matibay cong dibdib
nang súyo nang hari, bála at pag hibic,[65]
naglabót na cusa,t, humain sa sáquit
at nang ma-iligtás ang búhay nang ibig.[66]

Sa toua nang Hari, pinaualáng agád
ang dahil nang aqing lúhang pumapatác,
dapoua,t, tadhanang umalís sa Ciudad,
at sa ibáng lúpa,i, cúsang mauac-auac.

Pumanao sa Percia ang írog co,t, búhay
na hindî mang camí nagcasalita-an
¡tingní cong may lúha acóng ibubucál
na maitutumbás sa dusa cong tagláy!

Nang iguinagayác sa loob nang Reino
yaóng pagcacasál na camatayan co,
aqing na-acalang magdamit guerrero
cúsang magta-anang sa Real Palacio.

Isáng hatingabíng cadilima,i, lubhá
lihim na naghunos acó sa bintana^[67]
ualáng quinasama cun hindî ang nása
matuntón ang sintá cong nasaang lúpa.

May ilán n~g taón acóng nag lagalág
na pina-Palacio ang bundóc at gúbat
dumating n~ga rito,t, quita,i, na iligtas
sa masamang nasa niyaong taong sucáb....

Salita,i, nahinto na big-láng pagdatíng
n~g duque Florante,t, principe Aladín,
na pagca-quilala sa voces n~g guiliu
ang gauí n~g puso,i, dí napiguil-piguil.

¡Aling dila caya ang macasasayod
n~g touang quinamtán ng magcasing irog
sa hiya n~g sáquit sa lupa,i, lumubóg,
dalá ang caniang napulpól na túnod.

¡Saang calan~gitan na pa-aquiat cayâ
ang ating Florante sa tinamóng touá
n~gayóng tumititig sa ligayang muchá
n~g caniyang Laurang ninanása nasa.

Ano pa n~gayaóng gúbat na malungcót^[68]
sa apat, ay naguíng Paraiso,t, lugód,
macailang hintóng caniláng malimot,^[69]
na may hinin~gá pang súcat na malagót.

Sigabó ng toua,i, n~g dumalang dalang
dinin~gig n~g tat-lo cay Laurang búhay,
nasapit sa Reino mula ng pumanao
ang sintang nag gúbat: ganitó ang saysay.

"Di lub-háng nalaon niyaóng pag alismo
ó sintáng Florante sa Albaniang Reino!
naringig sa baya,i, isang píping guló
na umalin~gaon~gao hangáng sa Palacio.

N~guni,t, dí mangyaring mauatasuatasan
ang báquit, at húlo ng bulongbulon~gan
parang isang saquí na di mahulaan
ng médicong pantás, ang dahil; at saan.

Dí caguinságuinsá Palacio,i, nacubcób
n~g magulóng baya,t, baluting soldados
¡o arao nalubháng caquiquilabot!
¡arao na sinumpa n~g galit n~g Dios!

Sigauang malacás niyaóng bayang guló,
mamatáy mamatáy ang háring Linceo
na nagmunacalang gutumin ang Reino,t,
lag-yan nang Estanque ang cacani,t, trigo.

Ito,i, cay Adolfong cagagauáng lahat,
at n~g magcaguló yaóng bayang bulág
sa n~galan ng Hari ay isinambulat
gayóng órdeng mula sa dibdib n~g sucáb,

Noón di,i, hinugot sa tronong luc-lucan
ang Amá cong Hari at pinapugutan

¿may matouíd bagáng macapang-lulumay
sa sucáb na puso,t, nagugulóng bayan?

Sa arao ring yao,i, naput-lán ng ulo
ang tapát na loob n~g m~ga consejo
at hindi pumuról ang tabác na lilo
hangang may mabait na mahal sa Reino.

Umacyát sa trono ang Condeng malupít,
at pinagbalaan acó n~g mahigpít,
na cong dí tumangáp sa haying pag-ibig
dustáng camataya,i, aqing masasapit.

Sa pagnanasa cong siya,i, magantihán,
at sulatan quitá sa Etoliang bayan,
pinilit ang púsong houag ipamalay
sa lilo, ang aqing ca-ayaua,t, suclám.

Limáng bouang singcád ang hin~ging taning
ang caniyáng sinta,i, bago co tangapín;
n~guni,t, pinasiyáng túnay sa panimdím,
ang mag patiuacál cundi ca dumatíng.

Niyari ang surat at ibinigáy co
sa tapát na lingcód, n~g dalhín sa iyó;
dí nag-isang bua,i, siyáng pagdating mo,t,
nahulog sa camáy ni Adolfong lilo.

Sa tacot sa iyó niyaóng palamara
cong acó,i, magbalíc na may hocbóng dalá[70]
n~g mag-isáng moui ay pinadalhánca
n~g may Sellong súlat at sa Haring firma.

Matanto co ito,i, sa malaquíng lumbay
gayác na ang puso na mag-patiuacál
ay siyáng pagdating ni Minandro namán
quinubcób n~g hocbó ang Albaniang bayan.

Sa banta co,i, siyang tantóng nacatangáp
ng sa iyo,i, aqing padaláng calatas
caya,t, n~g dumating sa Albaniang Ciudad,
Lobong nagugutom ang cahalintulad.

Nang ualáng magauá ang Conde Adolfo
ay cúsang tumauag n~g capoua lilo
dumatíng ang gabí umalís sa Reino
at aco,i, dinalang gapús sa cabayo.

Capagdatíng dito aco,i, dinadahás
at ibig ilugsó ang puri cong ingat,
mana,i, isang túnod na cong saán búhat
pumáco sa dibdib ni Adolfong sucáb...."

Sagót ni Flerida "nang dito,i, sumapit
ay may napaqingang binibining voses
na paquiramdám co,i, binibig-yáng sáquit[71]
nahambál ang aqing mahabaguíng dibdib.

Nang paghanaping co,i, icáo ang nataós
pinipilit niyaóng tauong balaquiót,
hindi co nabata,t, bininit sa búso
ang isang palasóng sa lilo,i, tumapos..."

Dí pa napapatid itóng pan~gun~gusap[72]
si Minandro,i, siyang pagdating sa gúbat
dala,i, Ejército,t, si Adolfo,i, hanap
naquita,i, catoto ¡laquíng toua,t, galác!

Yaong Ejércitong mula sa Etolia
ang unang nauica sa gayóng ligaya[73]
Viva si Floranteng hari sa Albania
Mabuhay mabuhay ang Princesa Laura!"

Dinalá sa Reinong ipinag diriuang
sampu ni Aladi,t, ni Fleridang hírang
capouà tumangáp na man~gag-binyágan:
magca-casing-sinta,i, naraos nacasál.[74]

Namatáy ang bun-yíng Sultan Ali Adab
noui si Aladin sa Perciang ciudad:
ang Duque Florante sa Trono,i, naac-yát
sa siping ni Laurang minumut-yáng liyág.

Sa pamamahala nitóng bagong Hari
sa capayapaan ang Reino,i, na-uli
dito nacaban~gon ang nalulugámi
at napasa-toua ang nag-pipighatí.

Cayâ n~ga,t, nagta-ás ang camáy sa Lan~git
sa pasasalamat n~g bayang tangquilic
ang Hari,t, ang Reina,i, ualáng naiisip
cundî ang magsabog ng aua sa cabig.

Nagsasama silang lubháng mahinusay
hangang sa nasapit ang payápang bayan,
Tiguil aquing Musa,t, cúsa cang lumagáy
sa yápac ni CELIA,T, dalhín yaring ¡Ay! ... ¡Ay!

FIN

/rop
2-26-65

MGA TALABABA

- [A] Gubat na masucal, sa labás ng Ciudad ng Epiro, na nasa tabi n~g ilog na tinatauag na Cocito.
- [B] Febo ang arao, at gayón ang tauag n~g mga Poeta latino at griego.
- [C] Ciprés ay isang cahoy sa bundoc,—ang caraniuan ay malalaqui at matutuid, ang mga sangá,i, pai-taás na lahát, kayâ n~ga,t, ang pagca lagay, ay hichurang Púso; ang sangá nitó, ay itinitiric n~g m~ga tauo sa úna sa ibabao ng libin~gan, kayâ ang lilim ay nacasisindac.
- [D] Averno anáng m~ga Poeta, ay Infierno.
- [E] Pluton isa sa m~ga Dioses ng m~ga Gentil, at anang m~ga Poeta ay hari sa infierno.
- [F] Cocito, ilog sa Epiro, region n~g Albania, at anang m~ga Poetas ay isa sa apat na ilog sa Infierno caya camandág ang tubig.
- [G] Narciso, isang bagontauong sad-yang gandá, anác ni Cefisino at ni Lirope, sinintá n~g madlang Ninfas nguni,i, siniphayong lahat ni Narciso.
- [H] Adonis, baguntáuong sacdál cagandahan, anác sa ligao ni Ciniirro, na Hari sa Chipre, anác cay Nirrhang anác din niyá, sinintá n~g Diosa Venus, at pinatáy n~g isang paguil.
- [I] Ninfas Oreadas, ay ang m~ga Diosa sa gubat na sinasambá n~g m~ga Gentil nang una: magagandá, at malalamig ang tinig anáng m~ga poeta.
- [J] Harpias ay mababan~gis na Diosa n~g m~ga Gentil, ang taha,i, sa m~ga Islang n~gala,i, Estrofadas, at sa gubat sa tabi n~g ilog n~g Cocito; ang catauán ay parang ibon, muc-hang dalaga, baluctót ang m~ga camay, ang cuco,i, matutulis, pacpac paniqui at macamamatay ang baho n~g hinin~gá.
- [K] Albania, isá sa m~ga Ciudad na malalaquí sa Imperio n~g Grecia.
- [L] Persia isang cahariang malaqui sa parte n~g Asia, na nasa capangyarihan n~g m~ga moro.
- [M] Pang-gabing ibon, ay ang m~ga ibong malalabo ang matá cong arao para n~g Tictic, Cuago, Baháo, Paniqui, &c.
- [N] Furias, m~ga diosas sa infierno, anac ni Aqueronte at n~g gabi; tinatauag namang Eumanidas, sila,i, tatlo: Megeras, Tisiphone at Alecto; ang buhóc ay parang serpiente, cung may ibig silang pagaliting sinoman, ay bubunot ng isang buhóc na serpiente, at ipapasoc sa dibdib ng táuong pinagagalit, n~guni,t, hindí namamalayan; siyang pagdidilim n~g matá sa galit, at sasagasa na sa lalong pangánib.
- [O] Marte, dios ng pagbabaca, anác n~g diosa Juno, ipinaglihi sa pag-amóy ng isang bulaclac na inihahandóg sa caniya n~g diosa Flora. Ang sabi n~g m~ga poeta, ay pag-gantí cay Jupiter na linaláng si Palas sa caniyang utac ay di inalám si Junong esposa ni Jupiter. Si Marte,i, lumitao sa Tracia at doon lumaqui.
- [P] Parcas, diosas n~g camatayan at n~g tadhanang cararatnan n~g tauo; sila,i, tatlo anáng m~ga poeta, sila ang nagtatan~gan sa búhay n~g tauo, at namamahala sa casasapitan n~g lahat sa Sangsinucuban. Si Clotho ang may tan~gan n~g habihán, si Luchesis ang humahabi, at si Atropos ang pumapatid sa hilo n~g búhay.

- [Q] Apolo anác ni Jupiter, at ni Latona, capatid na panganay ni Diana, ipinan~ganac sa islang ngala,i, Delos, caguilaguilalás n~g licsi, at catapanganan n~g patain ang serpiente ng n~gala,i, Pitón, na nagpapasáquit sa caniyang iná. Anáng m~ga Poeta, ay siyang unang nagmunucala, at nagturo n~g Musica, n~g Poesia at n~g panghuhula: siya ang Principe n~g m~ga Musas at n~g mga Pastores.
- [R] Secta, ang sinasampalatayanan n~g isa,t, isa ó ang sinusunod na utos n~g canicaniyang Dios sa caraniuang uicang castilang Culto ó Religión.
- [S] Aurora, anác n~g arao at buan. Anang m~ga Poeta, ay pagcaumaga, ay binubucsan ang pintô ng lan~git, at cong maicabít na ang m~ga cabayo sa carro n~g arao ay siya ang nan~gun~guna sa paglabas, saca casunod ang arao.
- [T] Crotona, Ciudad sa Grecia Mayor sa dacong Italia, malapit sa dagat n~g Tarante, bayan n~g iná ni Florante, ang louang n~g muralla ay labingdalauang libong hacbang.
- [U] Linceo, Hari sa Albania ng panahón ni Florante.
- [V] Buitre, isang ibong lubhang malaqui, ang quinacain ay pauang bangcáy n~g hayop. Ang sabi ng autor at iba pang nacaquiquilala sa ibong itó, ay masidhing lubha ang pang-amóy, at umaabot hangang tatlong leguas.
- [W] Arcón, isang ibong malaquí, na cararaqit n~g m~ga butó n~g tupa, n~g aso at n~g iba pang hayop sa bundóc.
- [X] Ang tinatauang na cupido diamante, ay ang hiyás na caraniuang ilagáy sa noó n~g m~ga señora.
- [Y] Anác n~g arao ay ang aurora.
- [Z] Nayadas, m~ga Ninfas sa bátis, at ilog na sinasambá n~g m~ga Gentil.
- [AA] Lira, m~ga estormentong guinagamit n~g m~ga Ninfas, at Musas sa canilang pag auit, alpa ó biguela.
- [AB] Ninfas, m~ga Diosa sa tubig; anáng m~ga Poeta, ay ca-aliu-aliu ang tinig n~g voces, at taguinting n~g lirang tinutugtóg.
- [AC] Ang m~ga bátis na tinatahanán n~g m~ga Nayadas ay sagrado sa m~ga Gentil, at canilang iguinagalang.
- [AD] Atenas Ciudad na balita sa Grecia fundar n~g haring Cecrope; bucál ó bátis n~g carunun~gan, at catapan~gan.
- [AE] Pitaco sa Grecia, isa sa pitóng balitang m~ga sabio
- [AF] Si Polinice at si Eteocles, magcapatid na anác ni Edipo, na Hari sa Tebas, sa Reina Yocastang caniyáng ina at asaua pa.
- [AG] Adrasto Hari sa Ciudad ng Argos na isá sa madlang malalaquing nasasacóp ng Imperiong Grecia; itó ang tumulong cay Polince sa guerra laban cay Eteocles sa pag aagauan ng coronang mána cay Edipo.
- [AH] Edipo anác ni Layo, na Hari sa Tebas at ng Reina Yocasta. Paglabás ni Edipo sa tiyan n~g caniyang iná, ay ibinigay n~g amá sa isang pastor, at ipinapatay, sa pagca,t, ang sabi sa Oráculo ni Apolo na ang sangól na itó ay cun lumaqui, ay siyang papatáy sa caniyang amá, sa aua n~g pastor ay isinabit na lamang n~g patiuaric sa isang cahoy sa bundoc; sa cai-iyac n~g sangól ay naraanan ni Forbante, pastor ni Polivio, na Hari sa Corinto at ibinigay sa Reina Merope na asaua ni Polivio; ang Reina sa pagca,t, ualang anác, ay pinarang anác ang sangol. Nang lumaqui si Edipo, ay na pa sa Tebas, sa paglalacad ay napatáy niya ang caniyang amáng Haring Layo, na hindi naquilala at nag-asaua sa caniyang iná, na di rin niya naquilala: ang naguing anác ay si Eteocles at si Polinice, na nagbabaca hangang man~gamatáy sa pag aagauán ng Corona.
- [AI] Venus, diosa n~g pag-ibig at n~g cagandahan, anác ni Jupiter at ni Diana, anáng ibá, ay bucál sa bula n~g dagat.
- [AJ] Cupido, dios n~g pag-ibig anác ni Venus at ni Marte.
- [AK] Fama, Diosang sinasambá n~g m~ga Gentil; itó ang nag lalathala n~g balang gauín ng táuo, magalíng ó masama man; ualang casintulin at matunóg ang voces.
- [AL] Medialuna, ang tauag sa estandarte o bandila nang m~ga moro, sa pagca,t, napipinta ay isang cabiac na Buan.
- [AM] Emir, gobernador ó Virey n~g moro.
- [AN] Diana, Diosang anác ni Jupiter, at ni Latona, mabiguín sa pan~gan~gaso, houaran n~g cagandahan at panginoong n~g m~ga Ninfas.
- [AO] Houris, m~ga dalagang sadiyang carictan sa paraisong cat-ha ni Mahomang profeta n~g m~ga moro, na ipinan~gan~gaco at parayang ibinibihis sa magsi-sunód na taimtim sa caniyang licong Secta.

MGA PALIWANAG

- [1] NANGYAYARI. Hindi "nangyari", gaya n~g nasa "Kun sino ang kumatha ng Florante" at ng sa (1906) iniingatan ni Dr. Pardo de Tavera. Sa palimbag ni G. P. Sayo balo ni

Soriano, nang 1919, ay "nangyayari" rin ang nakalagay, gaya rin ng inihayag ng pahayagang "Katwiran"—dahong tagalog ng tagapamansag ng mga naging pederal o progresista—noong Oktubre ng 1903.

- [2] "Cong pag saulang cong basahin sa isip". Sa palimbag ni P. Sayo ay ginawang: "Kung pagsaulang cong basahin sa isip", at ganito rin ang sa "kung sino ..." Ang "cong" sa unahan ay ginawang "kung", at ang "pag saulang cong" ay itinumpak sa wastong kaparaanan ng pagsulat ngayon. Pinagsama ang dapat pagsamahing "pag" at "saulan", at inalis ang pang-ugnay o ligazon "g" sa dulo nito, na isang kasagwaan na ngayon, dahil sa "ko" ang sumusunod. Nguni't magpahanga ngayon ay buhay pa ang ganyang kasaguwaan sa ilang manunulat. Kaya, malimit makita ang ganitong mga pangungusap: "kaibigang ko", "pinsang mo", "pamangking ko", "Amaing niya". Aywan kung bakit linalagyan ng ligazon "g", gayong kung hindi sa "n" natatapus ang salita ay hindi naman linalagyan. Hindi masabi kundi "kapatid ko", "tula ko", "irog mo", "kasama niya". Walang ano mang ligazon. Nguni't kapagkarakang naging "n" ang katapusan ng salita ay narito na agad ang "paglalaro ng dila" at masagwang paggamit sa pangpagandang ligazon. Ang ligazon o pang-ugnay ay pangpaganda lamang, pang-alis ng kagarilan; nguni't kapag naman sumagwa ay nagiging tunay na kagaguhan, sa pangdingig natin ngayon.

Ukol sa "pag" at iba't iba pang panglapi ay walang iisang tuntunin ang nangauna sa atin. Kung minsan ay ikinakabit, nguni't ang malimit ay hiwalay. Hindi dapat kaligtaang "pag" na panglapi ay aming tinutukoy. Hindi ang pangsubaling "pag", na may saring kahulugan, at tunay na isang kataga. [1919] "Pag umulit ka pa ay ikaw ang bahala!" Ang "pag" na iyan ay di dapat ikabit sa alin man. Pagka't hindi panglapi. Ang lahat nang panglapi—pag, nag, mag, mang, ka, na, pa, um, in, an, atbp.—ay di dapat ihiwalay. Subali't nang panahong yaon nina Balagtas ay isinusulat kahi't na paano, mapakabit man o mapahiwalay sa dapat kapitan. Kaya, hindi katakatakang makita ang mga ganitong pagkakasulat: "pag saulan", "nag-iisa", "pagsuyo", "pagsintá", "mapag uunaua", magpahangang libing", "pag luha, "mag pahangang daong", "pag sintá", "pagca gapus", "pagca-búhay", "pinag liluhan", "isáng na aba," "pag ayop", atbp.

Páhiná 58

- [3] MACALIGTAANG CO ... Narito na naman ang isang kasagwaan na ngayon, bagama't magandang pakinggan noong araw. Kaya, itinumpak at ginawang "nakaligtaan ko" ng "Kun sino ..." at ni P. Sayo. Marami ang makikitang ganito sa aklat na ito—na sakali mang hindi kasagwaan, nang panahon ni Balagtas, ay itinuturing na nating isang kasagwaan, sapagka't nakasusugat na sa pangdingig ngayon.

May palagay kaming sa loob ng ilang panahon ay mawawala na sa pagsulat ang ganyang kasagwaan sa ligazon, gaya ng pagkawala ng mga sumusunod, sa halimbawa: "kanya nga" sa lugal ng "kaya nga", "bungmalong" sa lugal ng "bumalong", "kungmain" sa lugal ng "kumain", "maselang" sa "maselan", "kungdi" sa "kundi", atbp.

- [4] CONDI. Ginawang "kundi" ni P. Sayo at ng "Kun sino ..." ayon sa bagong pagsulat natin. Sa aklat na ito ay makikita ang paibaibang pagkakasulat sa salitang ito: kung minsan ay "condi" at kung minsan naman ay "con di" at "cundi". May palagay kaming ang ganitong pagkakaibaiba ay sa kasalanan na lamang ng kahista.

- [5] ILINIMBAG. Ganito rin ang nasa kay P. Sayo; subali't sa "kung sino ..." ay lumabas na "inalimbag". Ito ay katulad din ng "inilimbag", na kasamahan ng "nilimbag", "nilagda", "nilitis", "inilibing", "inilagay", atbp., na pawang nasa di pangkaraniwang balangkas, subali't hindi kabalbalan. Karaniwang makita sa mga salita nating ang ugat ay nagsisimula sa "h", sa "l" at sa "w" at "y".

- [6] "at di mananacao". Kay P. Sayo ay ganito rin. Hindi "na di mananakaw" gaya ng nasa "Kun sino ..." At mapaghahalatang ayon sa pagkakakastila ni G. Epifanio de los Santos sa "Florante", na anya'y: "y que no será robada" ay "at" din at di "na", ang nasa sulat-kamay ng "Florante" niyang inihulog sa tagalog—sulat-kamay na ayon din sa kanya ay sipi sa lumabas noong 1853.

Páhiná 59

- [7] QUINALALAGUI-AN. Sa "Kun sino ..." ay kinalalagian" din ang nakalagay; subali't sa palimbag ni P. Sayo ay "kinalalagyan", at ganito rin sa malas ang kay De los Santos—pagka't "en el Makati río donde se reflejaba" ang pagkakakastila niya. Ang "reflejaba", bagama't di siyang katumbas ng "kinalalagyan", ay siyang tanging maikakapit dito, upang maging maganda ang pangungusap, palibhasa'y kawangis din ng "kinalalagyan" o "kinalalarawanan" ang "kinalalagyan"; samantalang hindi maikakastila sa "kinalalagian".

Nariyan ngayon ang isang bagay, na dapat liwanagin. Alin kaya rian ang totoo? Ang "kinalalagian" o ang "kinalalagyan"? Maimamatuwid, na labis ang pantig ng "kinalalagian", kaya tama ang "kinalalagyan"; subali't maimamatuwid namang labis din ang kasunod na talata, labingtatlo rin ang "binabacas co rin sa masayang doongan", nguni't iginalang ito at di iniklian. Mapaghahalatang susog diya'y mali ang "kinalalagyan", at "quinalalagui-an" ang tunay na ibig sabihin ni Balagtas, pagka't "lagi" na sa Makating ilog si Celia, at siyang ilog na liniligawan ng Makata. At ayon kay G. Victor Baltazar, anak ng Makata, ay "quinalalagui-an" nga ang tama sa natatandaan nilang magkakapatid.

- [8] "aquiring camatayan". Hindi "lalong kamatayan", gaya ng nasa "Kun sino ..." Sa hawak ni De los Santos ay ganito rin: "tu memoria es mi muerto". At siya ring nasa kay P. Sayo.

- [9] "dica mapaparam". Sa ingat ni De los Santos ay napaghahalatang "di ka napaparam" ang nakalagay, gaya ng na kay P. Sayo at sa "Kun sino ..."

Páhiná 60

Ang pagkakasulat ng "dica" ay isang maliwanag na kamalian, na kay damidaming kasama sa aklat na ito, sa kasalanan ng limbagan. Ang mga gaya niyan—paris ng "dipa" (di pa), "dico" (di co), "cona" (co na), "copa" (co pa), "mona" (mo na), atbp., ay mga kamaliang sagana sa aklat. Pinapagsasama ang mga salitang tig-isang pantig, at may mga salita namang ginagawang parang dalawa o higit pa, kung minsan.

- [10] "sa mahal mong yapac" at di "sa bakas ng yapak", gaya ng nasa "Kun sino ..." Kay P. Sayo ay "sa mahal mong yapak" din. Gayon din kay De los Santos.
- [11] "hangad na lumauig". Sa "Kun sino ..." at kay P. Sayo ay naging "ang" ang "na".
- [12] "Bago mo hatulang catcatin at lico". Sa iba ay ganito naman: "Bago mo hatulan katkatin at liko"; walang pang-ugnay o ligazon "g". Kaya, naging garil.
- [13] "luasa,t, hulo". Kay P. Sayo ay "lasa,t hulo"—na isang maliwanag na kamalian. Ang "luasa,t, hulo" ay kahambing ng "puno't dulo". At ang ibig sabihin ay pakasuriin muna mula sa puno hanggang sa dulo, bago lapatan ng hatol.
- [14] "ang mata,i, itingín". Walang "ang" sa "Kun sino ..."
- [15] "ó nanasang pantás". Ganito rin ang kay P. Sayo; nguni't sa "Kun sino..." ay ginawang ganito: "oh, nanasang pantas!" Ayon sa pagsulat natin ngayon. Nguni't ang ganitong pagbabago ay nakaligtaan sa dakong unahan: ang "ó nanasang irog" ay hindi binago. Hindi ginawang "óh, nanasang irog!"
- [16] DINIDILIG. Sa "Kun sino ..." at kay P. Sayo ay "nadidilig".
- [17] "Bagong taoung basal, na ang anyo,t, tindig". Sa iba ay "Bagong taong basal, ang anyo at tindig".
- [18] CASAM AN. Sa "Kun sino ..." ay "kasamaan", na nakasira sa bilang ng pantig.
- [19] "O tacsil na pita sa yama,t, mataás!" Itong huling kataga ay naging sanhi ng isang pagtatalo noong araw. May nagsasabing kasingkahulugan ito ng "mápataas" at may nagsasabi namang katimbang ng "matayog", kasalungat ng "mababa"; nguni't sa paano,t, paano man ay tama, at siyang ibig sabihin ni Baltazar, ang pagkakakastila ni De los Santos, na "poder"; lakas, kapangyarihan.
- [20] "ng casamáng lahat". Sa "Kun sino ..." ay lumabas namang "kasam-an", gaya ng nakasulat sa ika 18. "Casam-an" doon at "casamán" dito. Isa pang katunayan iyan ng kawalan ng iisang tuntunin sa pagsulat. Kaya, kung minsan ay mababasa nating "catao-an" ang "katawan", at kung minsan naman ay "catauán" o "cataoan", gaya rin naman ng "catouiran", na kung minsan ay "catuiran", atbp.
- [21] "at niyaring nasapit". Ganito rin ang kay De los Santos at ang sa isang ginoong nagngangalang Cecilio Rivera; subali't ang sa "Kun sino ..." at kay P. Sayo ay nawalan ng "at". Napaghahalatang kusang inalis, upang maging sukát ang bilang ng pantig. Labis nga naman sa labingdalawa ang may "at". Kaya, inalis ito.

Páhiná 61

At nariyan ang sa palagay namin ay isang kamalian pa hanga ngayon ng tanang manunula ngayon. Pawang matapat, halos ay bulag, at walang kapasupasubaling lingkod at alipin ng bilang ng mga pantig sa pagkakasulat. Ipinaaalipin sa Ortograpía pati ng tingig at aliw-iw ng tula, at walang kalayalaya ang lipad ng diwa at pitlag ng kaluluwa. Hindi makalayo sa bilanguan ng Ortograpía; at "di kailangang maging pilay man sa pangdingig, huwag lamang maging kulang o maging labis sa kumpas ng Ortograpía".

Páhiná 62

Kung sa bagay ay tunay ngang napakaselan sa bilang ang tulang tagalog. Walang pagtatalo ukol dito. Nguni't may isang pasubali, na sa palagay namin ay dapat pagkaisahan ng lahat, upang alang-alang din sa katamisan ng tulang tagalog ay palayain, sa gayon at sa ganitong pagkakataon, ang lipad ng tula. Hindi sa tuwituwi na'y "bilang ng pantig sa pagkakasulat" ang paghahariin, kundi ibigay naman sana, sa manakanaka, ang kapangyarihan sa "bilang ng pamimigkas". Ibig naming sabihi'y "pantig ng pamimigkas" (tawagin nating "sílaba prosódica") ang papamaibabawin sa "pantig ng pagkakasulat" (tawagin naman nating "sílaba ortográfica"), kailan ma't magkakalaban sa harap ng Katamisang dapat maghari lagi na.

Si Balagtas, na di mapag-aalinlanganang sa tamis at lambing, sa tingig at aliw-iw na walang kasingsarap ng kanyang mga tula, unang utang ang kanyang ikinatangi at ipinaging Hari sa panunula, ay maraming halimbawang iniwan, upang maging saligan ng pagsusuri at pagkakaisa ng lahat. Bukod sa "at niyaring nasapit na cahabág-habág" ay nariyan pa ang: "na ang lilim niyaón ay nacasisindác", "ang buntóng hiningá niyaóng nagagapus", "ipinaghaguisan niyaóng mga lilo", "ang pananambitan niyaóng natatali", "anhin mang touirin ay magcacalisiya" at ilan pa sa "Florante at Laura"; saka "Dalita,i, sumira niyaring pagtitiis" sa "Labing-dalauang Súgat nang Púso", bukod pa sa "Dusang di maampat niyaring mga matá", atbp. Ang "iya" sa "niyari", "niyaón" at "nagcacalisiya ay pinapagdaraang parang isang pantig lamang, kung minsan. Marahil ay sapagka't kung minsa'y nagiging "isang pantig lamang sa pamimigkas". Bakit ay di naman nakasusugat sa pangdingig.

At kahambing ng "iya"—na naaaring gawing isa sa pagbigkas kahi't dalawa sa pagkakasulat—ay maaari rin ang "iyo". Gayon din, at maaari ring pagkaisahan, ang ukol sa "uwa", manakanaka. Maaaring palayain ang makata, maminsanminsán, kailan ma't di makasusugat sa pangdingig. Bigyan laya nga; at ang ganito ay hindi naman sapilitan. Lumaya ang may ibig, at huwag naman ang ayaw.

Páhiná 63

At ang ganyang kalayaan—na di pangsusugat sa taynga—ay lalong mabuti kay sa kalayaang ginagamit na sa pagpapaikli. Pinaiikli, at iniwawasak pati ng tumpak na pagkakasulat ng salitang ibig paikliin, magkaroon lamang ng sukát na bilang sa ortograpía. Gaya ng kung minsan ay ginagawa sa "kailan". Pinipilit na palabasing dalawang pantig lamang ito sa pagkakasulat, sinisira ang ugat, ginagawang "kaylan"—na tila bago kung isulat at sirain ganito ay tama na at hindi na labis. Ganyan din ang ginagawa sa "kailangan" at sa "mayroon", sinisira at isinusulat ng "kaylangan" at "mayron"—gayong paano man ang gawin, ang "kaylan" at ang "kaylangan" at "mayron ay lumalabas din, sa pangdingig, na "kailan" "kailangan" at "mayroon". At ang ganyan ay hindi isang "kalayaan" kundi tunay na "kaalipnan". Kaalipnan sa Ortograpía! Pangsira sa

pangdingig, ano man ang gawin.

Diyan mapaghahalatang may mga pagkakataong nagiging makapangyarihan, sa ilang pagkakataon, ang pantig ng pamimigkas" kay sa "pantig ng pagkakasulat"; at talagang ganito naman ang dapat mangyari. Diwa at kaluluwa ng tula ang tingig, ang aliw-*iw*. Nasa aliw-*iw* at tingig ang musika, na siya na rin ngang tunay na tingig at aliw-*iw*. At ang musika at lambing, ang sarap at ang tamis ng pamimigkas ay siyang "pulot at gata" ng tula. Hindi ang ortograpiang "pipi at bingi".

[22] "maauang Langit". Sa lahat nang nasa harap namin ngayon ay ganito ang sinasabi; nguni't isang ginoong nabanggit na namin sa unahan, Cecilio Rivera, ay nagsabi, noong 1906, na iyan daw ay mali. Ipinahahalata niyang sa "lugal niyan ay "tumutungong langit" ang nakalagay. Nguni't nasabi na nga naming: sa lahat na ay ganyan ang nakalagay. Ganyan din ang nakalagay sa "Florante" ng isang sumulat ng ilang lathala ukol sa bagay na ito—noon ding 1906—at nagtago sa pamagat na "Crisantemo", taga Lalaguna at nanirahan sa Marinduke.

[23] "iyong tinutungha,i, ano,t, natitiis?" Sa "Kun sino ..." ay "tinutungháy" ang nakalagay, at gayon din kay P. Sayo. At iyan ay naging sanhi rin ng pagtatalo, noong araw. Nguni't walang ibang tumpak kundi ang "tinutungha,i," (tinutunghan, na may ligazon "i" o "y", pinaikling "tinutunghan", at umuri sa "tun~go"). Ang "tinutunghay" ay di tama: dapat gawing "tinutunghayan". At labis naman kung ganito.

Páhiná 64

[24] DIN~GIGUIN. Sa iba ay "dinggin"; kaya, pilay ang tula. Sa "Florante" ni G. C. Rivera ay "dinggin" din.

[25] VOSES. Sa "Kun sino ..." ay "boses", na kusang isinulat na ganito, upang itugma sa bagong ortograpiá natin. Nguni't kay P. Sayo, na nagbago rin ng pagsulat, ay pinapanatili ang datihang "vozes". Sa aklat na ito ay nakikitang ang "voses" na iyan ay lumilitaw ring "vozes" kung minsan—na isa pang katunayan ng kawalang ingat ng limbagan.

At yamang napag-uusapan na rin lamang ang kawalang ingat ng limbagan, o lalong maliwanag, ng kahista, ay daliriin na natin ang maraming kamalian. Daliriin ang ukol na lamang sa pagkukudlit ("acentuación ortográfica"), at huwag na ang sa ibang bagay—yamang matutukoy na rin lamang natin sa mga ibang paliwanag. At upang huwag na tayong mag-aksaya ng maraming panahon—yamang kay liwanag namang napupuna ng matatalin ng mangbabasa—ay tingnan na lamang natin ang sa mga tulong sumusunod:

"Datapua,t, sino ang tataróc cayâ
sa mahál mong lihim Dios na daquilâ?
ualáng mangyayari sa balát ng lupà
dî may cagalin~gang iyóng ninanasà.

Sa halimbawang ito—at sa marami pang sagana sa aklat—ay mapagkikilalang noon pa man ay alam na ang halaga ng bawâ't kudlit at kung paano ang tumpak na paggamit. Salakot (capucha o circunflejo) ang ilinagay sa "cayâ", sapagka't bigla at paimpit ang pagbigkas dito. Ang salakot ay siyang kayarian ng kudlit na pabigla (agudo) at ng paimpit (grave o gutural). At sapagka't pawang hindi pabigla, kundi paimpit lamang, ang pagbigkas sa dulo ng tatlo pang talatang kasunod—"daquilâ", "lupa" at "ninasà" ay kudlit na banayad lamang ang ginamit.

Páhiná 65

Nguni't masdan natin ang mga sumusunod:

"Sa loob at labas, n~g bayan bayan, cong sawî
caliluha,i, siyang nangyayaring harî
cagalin~ga,t, bait ay nalulugamî
ininís sa húcay nang dusa,t, pighatî".

"Caliluha,t, samâ ang úlo,i, nagtayô
at ang cabaita,i, quimi,t, nacayucô,
santong catouira,i, lugami at hapô
ang lúha na lamang ang pinatutulô.

"Súcat na ang tingnán ang lugaming anyô
nitóng sa dálita,i, hindi macaquibô?
aacaing bigláng umiyác ang púsô
cong ualâ nang lúhang sa mata,i, itúlô".

"!Ay Laurang poo,i,! ¿baquit isinuyô
sa iba ang sintang sa aqui pangacô
at pinag liluhan ang tapát na púsô
pinang-gugulan mo nang lúhang tumulô?"

"Dusa sa puri cong cúsang siniphayô,
palasong may lasong natiric sa púsô;
habág sa Ama co,i, túnod na tumimô
aco,i, sinusunod niyaring panibughô".

Sa limang ito ay kay liwanag na napagkikilala ng dadalosalos ng kahista. Sa unang halimbawa ay ginamit ang salakot, sa lahat na, gayong hindi nararapat sa ikalawa at ikatlong talata. Napagkikilalang huwag na di magkaroon lamang ay di na kailangan kahi't papaano.

Gayon din ang ginawa sa ikalawa at ikatlo: pawang salakot din, gayong hindi dapat sa katapusang talata ng ikalawa at sa ikatlo't katapusang talata ng ikatlong halimbawa.

Sa ikapat na halimbawa—na pawang natatapus sa banayad na paimpit—ay

nasangkapan ng "gutural" o "grave" ang dalawang nauunang talata; nguni't pagdating sa ikatlong talata at sa katapusan, dahil marahil sa sa wala nang madampot na "gutural" ay isinumpal na ang bigla (agudo), kahi't na paano.

At sa katapusang halimbawa ay panay namang "grave" ang ginamit, kahi't hindi nararapat sa katapusang talata. Siyang nadampot niya, at siyang ilinagay.

Kaya, sa bisa ng ganyang kagagawan, ang "puso" ay napalagay na "púsô" sa ikatlong halimbawa, "púsó" sa ikapat at "púso" sa ikalima. At ang "tulo" naman ay napalagay na "pinatu-lô" sa ikalawang halimbawa, "i-túlô" sa ikatlo at "tumuló" sa ikapat.

[26] NAHIHIMBING. Sa "Kun sino ..." ay "nalilibíng"; nguni't kay De los Santos at P. Sayo ay "nahihimbing" din.

[27] INA-ING-AING. Sa iba ay "dinaingdaing". Napaghahalatang kusang binago, pagka't sa mga bata na lamang ngayon nariringig ang ganyan. At marahil ay sa bisa ng paniwalang mali iyan, kung kaya binago. Nguni't ang katagang iyan ay di mali. Matanda na nga lamang at lipas na. Buhat sa "inaing", na ang laman ng idinaraing ay "ina", gaya naman ng "aying" na "ay" ang nagiging laman ng pagdaing.

Ayon kay G. Victor Baltazar, anak ng Makata, ay talagang "ina-ing-aing" ang na sa matandang "Florante". Hindi "dinaing-daing."

[28] IPINABIGAY. Kay P. Sayo ay "ipinamigay", na isang tunay na kamalian. Ang "ipinabigay" ay isang balangkas—na maaaring sabihing "tatak Bulakan"—na gaya rin ng "pasuriin muna" ay di siyang karaniwan sa ibang pook ng Katagalugan. Sa iba, ang "pasuriin" ay "kásuriin"; at ang isa't isa ay anak ng "pakasuriin". Sa may dakong Bulakan ay "pa" ng panglaping "paka" ang ginagamit, samantalang sa ibang dako naman ay "ka".

Ang "ipinabigay" ay di nariringig sa ibang dako, kundi ang "ipinakabigaybigay".

Hindi dapat kaligtaang ang "ka" ay siya ring ginamit nina Del Pilar, sa pakling "Caiigat cayo!", bilang tugon sa munting aklat ni Fray Rodriguez, na "Caiingat Cayo!" laban sa mga aklat ni Rizal at iba't iba pa.

[29] DUQUE ADOLFO. Ang "duque" ay isang maliwanag na kamalian ng limbagan. Si Adolfo ay "Conde". Hindi "Duque".

[30] "para n~g panaghóy ng nananambitan". Sa "Kun sino ..." ay gaya ang nakalagay sa lugal ng "para"—na sa malas ay kusang binago, upang wagasin ang pananagalog. Iginalang ni P. Sayo ang "para".

[31] "na ang uica,i, "Laurang aliu niyaring budhi". Sa "Kun sino ..." ay ganitong kamalian ang nakalagay: "ang wika ay !Larawangaliw niyaring budhi!" Napaghahalatang ang "Larawan" ay kamalian lamang ng limbagan; nguni't kinusa ang pagkakagawa ng "ang wika ay" ... sa lugal ng "na ang uica,i, ..." Kay P. Sayo ay wala ring "na", at ang "ay" ay ginawang ligazon at ikinabit sa "wika".

[32] "nan~gaca-tin~gala,t, parang naquinyig". Pilay. Maliwanag na kamalian ng limbagan ang "naquinyig". Dapat basahing "naquiquinyig".

[33] GAPUS. Sa "Kun sino ..." ay "gapos" at kay P. Sayo. Ang "gapus", na katimbang ng "nakagapos", ay siyang tumpak.

Sa sinusundang talata, ang katagang "mahapis" ay nakalagay na "mahahapis" kay P. Sayo. Kaya, naging labis.

[34] "Nang matumbasan co ang lúhà, ang sáquit". Sa iba ay ganito naman: "Nang matumbasan ko ang luha nang sakit". Ginawang "ang luhan nang sakit" ay pagkagandangandang "... ang lúha, ang sáquit".

[35] CALULUNURAN. Sa "Kun sino ..." ay "kalunuran" ang nakalagay; kaya, naging pilay. At ang "pagcatungó" ay "pagkatungo" naman kay P. Sayo. Tumpak ang "pagcatun~gó", pagka't "tun~gó" at di "tungo" ang ibig sabihin. Pantay-mata na ang pagkakatungó ng araw. Inilalarawang parang isang taong napakataas ang araw, at noong tumun~gó ay abot sa pantay-matá ang lagay ng kanyang ulo. Napakagandang larawan!

[36] "ang sa pagcatali,i, liniguid n~g hirap". Ganito rin kay De los Santos at kay P. Sayo; nguni't sa "Kun sino ..." ay ganito naman—na ayon sa patotoo ng anak ni Balagtas ay mali —: "yaong natataling linigid ng hirap". Sa malas ay walang malaking kaibhan ito sa nauna; nguni't nagkakaibang totoo. Sa una ay kay liwanag na ibinabadhang ang hirap na lumiligid sa nakatali ay anak ng pagkakatali, samantalang dito sa huli ay di maliwanag na ganyan ang ibig sabihin.

[37] "sa nan~ga-calabang maban~gís na hayop". Ganito rin ang na kay P. Sayo; nguni't sa "Kun sino ..." ay ganito naman: "sa mga kalabang mabangis na hayop". Ginawang "mga kalaban" ang "nangacalaban".

[38] "Halos nabibihay sa habág ang dibdib". Sa iba't iba ay pawang "nabibihag"—sa lugal ng "nabibihay"—ang nakalagay. Na, isang tunay na kamalian. Tama ang "bihay". Sinsay ang "bihag". At ang kahulugan ng "bihay"—na isang salitang lipas na ngayon—ay "punit", bagama't lalong matindi sa rito. Sa ngayon ay katimbang na ng "waray".

[39] "ang aquing hinin~gang camataya,t, sáquit". Sa Kun sino ..." ay ganito ang nakalagay: "ang aking hininga, kamataya't sákit". Kay De los Santos ay ibang-iba: "no permitiste que trizas hicieran—de mi cuerpo, vida y padecimientos" ang pagkakastila niya sa "at di binaya-ang nagca-patíd-patíd—ang aquing hinin~gáng camataya,t, sáquit". Napakalaya ang pagkakastila. Nagkaroon ng "cuerpo" (katawan)—na pinalitaw ng "trizas"—at nawalan ng "camatayan" (muerto).

Kay P. Sayo naman ay ganito: "ang aking hininga'y kamataya't sákit". Ito at ang sa

"Kun sino ..." ay di wasto. Sapagka't ang isinisi ay kung bakit di pa pinaubayaang nagkapatidpatid ang kanyang hininga, na isang hiningang tunay na kamatayan at sakit.

Sa balangkas na "at di binayaang nagkapatidpatid ang aking hininga'y kamataya't sakit", dahil sa pagkakapalit ng mga ligazon at sa pagiging "y" ng "ng", ang kiyas ay nawala, tumamlay at naging mawigwig ang pangungusap; samantalang puspos ng ganda ang "at di binayaang nagkapatidpatid ang aking hiningang kamataya't sákit"!

Páhiná 69

[40] HUARAN. Hindi "houaran". Nararapat daliriin ang katagang ito, upang samantalahin na ang pagdaliri sa madlang salitang sa aklat na ito ay paibaiba ang pagkakasulat. Ang "buan", "catuiran", "lualhati", "sasaquián", "nanaquiát", "balaquiót", "hain", "suliáp", "catauán", "quíás", "masiasat", "díatà", "mapataniag", "mag-adia", atbp., ay pawang may mga "bagong damit na ibang-iba ang tabas sa piling ng karamihang pawang tabas noong 1834"—na bagong kasisilang ang "Florante". Ibig naming sabih'y ang ganyang pagkakasulat—na ibang ibang-iba sa karamihan—ay pawang gawa na lamang ng limbagan o ng kahista, noong 1861. Hindi ganyan ang sa noong 1834. Ang "bouan", "catouiran", "catao-an" atbp., ay siyang sa matandang paraan, na ginamit ni Balagtas sa kabuuan ng aklat, at ang nangadaliri sa una ay pawang kabaguhan na lamang sariling gawa ng kahista. Dito napaghahatang nang mga araw na yaong lumabas ang siping ito —1861—ay nakikipangagaw na sa datihang paraan ang kaparaanang inabutan at binago naman ng ating Rizal at nina Dr. Pardo de Tavera: bagong kaparaanang siyang tinanggap at pinairal ng "Katipunan" at ng Panghihimagsik, at sumapit hanggang sa mga araw na ito. Hanggang sa mga araw na ito, ang aming sabi, at ito ay di tunay na wasto. Napakarami ang mga kabaguhang nairagdag kina Rizal, nitong mga huling panahon, at sa mga kabaguhang ito ay may napatay pa ang bagong pasok ng mabunying Mariano Ponce, atbp. Ang pagbabagobagong dinanasan ng ating Ortograpia ay isang bagay na napakalawig isaysay. Kaipala'y walang ibang kahambing sa kasaysayan ng iba't ibang wika sa Daigdig. At iyan ang tatangkain namin sulatin sa mga darating na araw. Lubhang kailangan, na matalos ng lahat.

[41] "sa gauâ at uica,i, dí mahuhulihan". Ganito rin, sa malas, ang na kay De los Santos; nguni't sa "Kun sino ..." at kay P. Sayo ay "nahuhulihan" ang nasa mahuhulihan".

[42] "n~g magandang asal ng amá co,t, iá." Maliwanag na kamalian ng kahista ang "iá", na dapat basahing "iná".

[43] "Ang pagcatutu co,i, anaqui himalâ". Kay P. Sayo ay may pang-ugnay na "y" ang "anaqui"; at ito'y mapaghahatang mali. Ang mga "anaqui" ni Balagtas ay di ginagamitan ng ligazon.

Páhiná 70

[44] "Minulan ang galí sa pagsasayauan". Sa "Kun sino ..." at kay P. Sayo ay nakalagay ang "galit" sa lugal ng "galí", na tunay na malingmali. Bakit magiging "galit" ang pagkakatuwa, na sinimulan sa sayawan? Ang "galí" ay isang salitang matanda, na ang kahulugan ay "burco" (gaya ng pagkakastila ni De los Santos) o di kaya'y "alborozo", "alivio" o "consuelo" sa wika ni Cervantes. Ang "galí" ay ang ingay na bunga ng kagalakan, ang pulot at gata ng pagkakatuwa at paglilibang ng marami. Sa ibang kataga ay "galí" rin ang aliw at kaligayahan. Maaari na nating ituring, na patay na ngayon ang katagang iyan. Kahinahinayang!...

[45] NIYAONG. Hindi "niyang", gaya sa iba. Isa rin iyang "malabalagtas" na sukat, na labis man sa pagkakasulat ay di naman sa pamimigkas.

[46] NIYARING. Sa "Kun sino ..." ay "yaring". Sadyang pinutlan marahil, dahil sa labis na sukat—dahil sa ortograpia!

Isa pa ring "malabalagtas" na sukat iyan—na di nagpipitagan sa "kumpas ng ortograpia" kundi sa "kumpas ng prosodia".

[47] "pailag-ilagang parang baselisco". Sa "Kun sino ..." ay "t" ang nakaugnay sa "pailag-ilagan", na isang tunay na kamalian.

[48] "súcat na ang titig na matáy sa iyó". Ang "matáy" ay naging "matá" kay P. Sayo, na may ligazon "y"; at ang "namatáy sa iyó" ay naging "ang matay sa iyo" sa "Kun sino ...".

[49] "sa Crotonang baya,i, ..." Kay De los Santos at sa "Kun sino ..." ay "reino" ang nakalagay sa "bayan"; nguni'y kay P. Sayo ay bayan din.

[50] "ay magcacalisiyâ". Sa "Kun sino ..." ay ginawang "magkakalisya". Inalis ang "i". Dahil sa labis sa bilang ng pagkakasulat. At kay P. Sayo, bukod sa iniklian na ay ginawa pang "n" ang "m".

Páhiná 71

[51] BUCAS. Sa iba ay "araw" ang nakalagay. Na isang kamalian. At mali, sapagka't sa dakong unahan ay may ganitong saad: "Salamat at niyaóng sa quinabucasan—hucbo co,i, lalacad sa Crotonang bayan"; kaya, tama ang "Dumating ang búcas". Hindi dapat baguhin.

[52] ALIU. Maliwanag na kamalian. Tama ang "alin" na nasa "Kun sino ..." at kay P. Sayo.

[53] AROPOS. Maliwanag na kamalian ng limbagan. "Atropos" ang ibig sabihin.

[54] NACATIGHÁO. "Natitighaw" sa "Kun sino,..." at kay P. Sayo naman ay "katitighaw".

[55] NAG-AAGAUANG. Walang ligazon "g" sa "Kun sino ..." at linagyan naman ng kuwit (coma) ni P. Sayo sa lugal ng ligazon.

[56] NAGDALAMHATI. Sa "Kun sino ..." ay "nagpipighati".

[57] BAGONG. Sa iba ay "boong" ang nakalagay.

[58] GUBA,T, ... Maliwanag na kamalian ng limbagan. Dapat basahing "gúbat".

- [59] "cahit bahag-yâ na macaquítang landás". Sa "Kun sino" ay ganito: "Kahít bahagya ng makita ang landas". At ganito naman kay P. Sayo: "kahi't bahagya na makita ang landas".
- [60] "ang caniyang búhay na cahabág-habág". Ganito rin ang na kay P. Sayo; nguni't ang sa "Kun sino..." ay napalitan ng "at pagkawakawak" ang "na cahabag-habág".
- [61] "Aniya,i, sa madláng guerrang pinagda-anan". Ganito rin halos ang kay P. Sayo, at ang tanging ikinaiiba ay ginawang ligazon "y" ang "ng" sa "guerra"; nguni't sa "Kun sino" ay "dinaanan" naman ang nakalagay. Ito ang tama, sa palagay namin, bagama't ang pagkasulat ng "pinagda-anan" ay nagpapakilalang lalong matanda ito kay sa "dinaanan" at wari'y hindi kamalian lamang ng limbagan. Sa malas nga ay "pinagda-anan" ang tunay na titik ni Balagtas, at kaya nga lamang maaaring pag-alinlanganan ay dahil sa kalabisan ng pantig. Nguni't di бага labis din yaong nangasa unahang: "na quinalalaguián" at "sa masayang doon~gan"? At kung sa dalawang ito'y napatalisod si Balagtas ay bakit di maaaring napatalisod din sa "guerrang pinagda-anan"?
- [62] DIANA,I, ... Sa iba ay walang ligazon "i".
- [63] "Ano pa,t, pinalad na aquing dinaig—sa catiyaga-an ang púsong matipíd". Sa iba ay "nang pusong matipid" ang nakalagay, na isang tunay na kamalian. Kaya, naging patumbalik. Ang napalarang daigin sa katiyagaan ni Aladin ay ang pusong matipid ni Florida. Kaya, tama ang "ang".
- [64] "May anim na n~gayong taóng ualang licat". Ganito rin ang kay P. Sayo; nguni't sa "Kun sino ..." ay nagkapalit ng lagay ang "n~gayong" at "yaóng", at lumabas na humál.
- [65] "nang suyò nang hari"". Sa iba ay "sa suyo nang hari", at siyang tama.
- [66] "at nang ma-iligtas ang búhay nang ibig". Sa "Kun sino ..." ay "maligtas" ang nakalagay; kaya, naging pilay; at upang malunasan ang kapilayang ito ay dinagdagan naman ng "nga" ni P. Sayo; "at nang maligtas nga ..."
- [67] NAGHUNOS. Sa iba ay "naghugos"; at ito ang tumpak. Sinsay, at di kapit, ang "naghunos".

Páhiná 72

Nguni't, sino kaya sa atin ang makapagsasabing nang panahon ni Balagtas ay di wasto iyan? Sino ang makatitayak, na noong panahong yaon ay may kahulugan ding gaya ng angkin ngayon ng "hugos" ang katagang "hunos": katagang sadyang may kung ano anong kahulugan ay ibig sabihin, magpahangga ngayon? At sino sa atin ngayon ang makapagsasabing tahasang hindi isang salitang bago ang "hugos", na umuri lamang sa "hunos"? At sino sa ating nagsisipagsuri ngayon sa wika natin ang makapagpapasinugaling sa maaaring sapantahain ng kahi't sino, na iyang "hugos" ay isa lamang kamalian ng "hunos", at dahil sa napapasok at nagkasalin-salin na sa iba't ibang palimbag ng "Florante" ay naging palasak na tuloy at naging isa nang wastong salita, dahil sa bisa ng kabuniyan ng "Florante"?

Páhiná 73

Sa wika, gaya rin naman ng sa iba't ibang bagay ay nagbabagobago ang lahat. At sa pagbabagobagong iyan ay may mga bagay na nagkakaibaiba ng pangalan, at may mga salita namang nagkakaibaiba ng kahulugan.

At parang katunayan ay maitatanong natin; ano at saan galing ang "halip"? Laláng lamang. Parang kinuha lamang sa "hulip"—na ang kahulugan ay ilagay ang isang bagay sa dating kinalalagyan ng ibang nawala o nasira. Hinuhulipan o linalagyan ng mga panibagong bulubod ang gayon o ganitong bagong tanim na palay, na sinira ng agos ng tubig; at hinuhulipan din ang atip na butasbutas na at sira. At sa "hulip" na iyan linaláng ang "halip"—na siya ngayong nakikipangagaw na sa kastilang "lugar" o "lugal", sa pangungusap na ganito, halimbawa: "Sa lugal na papagsarilinin at di't kundi bagkus pang binigtihan ng pagasa."

Gaya na lamang ng "Makata": ano ito? Sa dati'y "mapagkatakata", mapagsalita ng kung anoanong di katotohanan, mapaglubid ng buhangin, ang kahulugan: na isang katagang mahalay na ikapit sa Poeta. "Mangangatha" at "manunula" ang tawag noong araw sa poeta. Nguni't ginawang "makata"—buhat sa "makatha" na kawangis ng "mapagkatakata"—, at ang kabalbalan ay naging isa nang tunay na salitang tumpak.

May hihigit pa ba sa kabalbalan ng "lalawigan"? (Sa isang kasulatang matanda (1865) ay nakita kong ginagamit ang katagang ito. Nito lamang buwan ng Hulo 1938 nabasa ko.-C. R.). Ang katagang iyan, na "puerto" ang ibig sabihin, ay nagkaroon na ngayon ng kahulugang "provincia". At bakit? Dahil din sa kamalian. Naging sukat ang pagkakagamit sa panahon ng Himagsikan ng "lalawigan ng Kabite" upang ipagkamaling "Provincia" ang ibig sabihin ng "lalawigan", at ang kamaliang iyan ay naging palasak na at nagkaroon ng ibang kahulugan. Tama ang "lalawigan ng Kabite" sapagka't talagang "puerto" ito; nguni't sabihing "lalawigan ng Bulakan", halimbawa, ay isang tunay na kabalbalan. At ang kabalbalang iyan ay tama at tumpak na ngayon.

Páhiná 74

Ganyan din ang masasabi sa "aklat". Ginawang "libro" ang "aklat", kahi't hindi tama, pagka't "aklatan" ang "libro", at wasto na ngayon. Ang "aklatan" ay ginawa namang "biblioteka" at "libreria", at tama na rin ngayon.

Ang "talikala" ay "Tanikala" na ngayon, ang "lupong" ay "lupon" na, ang "tangso" ang "tanso", ang "taliba" (talibahan, salitang naging palasak nang sabihing: "talibaan" sa lugal ng "talibahan"). Ang "iklog" ay kasalit ng "itlog", ang "ista" ng "isda", ang "maselang" ng "maselan", ang "kaanak" ng "ának" o "angkan", ang "kaagad" ng "agad" o "agadagad", ang "gaang" ng "gaan"; at ibig nang makipagkamali ng "laan" sa "taan", ng "takda" sa "tadhana", ng "kagalawad" sa "kagawad", ng "alumana" sa "alintana", ng "tagapaglaganap" sa "tagapamansag" o "tagasiwalat", ng "kabalustagan" sa "kabalbalan", atbp.

- [68] "Ano pa n~gayóng gúbat na malungcót". Magkakabit ang "n~gayaóng": maliwanag na

kamalian. Sa "Kun sino ..." ay "ano pa ngat yaong ..." at sa palimbag ni P. Sayo ay "ano pa at ayaong" ...

- [69] "macailang hintóng canilang malimot". Kay P. Sayo ay "nalimot; at sa "Kun sino ..." at iba pa ay "makaitlo" ang nasa "macailán". May palagay kaming ito ang tama, at mali ang "makaitlo". Si Balagtas ay di kaibigan ng mga tinatawag nating "viciso de dicción". Ang "makaitlo" ay kahambing din ng "makaipat" at "makainom", na pawang likha lamang ng mapaglarong dila, sinsay sa tumpak na pagbabalangkas, at pinsang buu ng mga "buo". "nuon", "puon", "suob", "duon", "lieg", "luok", "suot", atbp.; mga katagang hinlog na malapit ng mga "maselang", "magaang", "sangla", "sanghi", "bungmasa", "ungmayaw", "kungmain", "iyuna", "iyalinsunod", atbp.

Páhiná 75

Makaitlo! Bakit di naman sabihing "makailawa"?

Makaipat! At bakit di naman "makailima"?

Makainem! Ano nga at di naman "makaipito", "makaiwalo" at "makaisiyam"?

Bakit nga hindi naman? Ano ang sanhi?

Dili iba kundi sapagka't sa iba't iba ay mahirap na palunduin o papagduyanin ang dila. Sa ikalawang pantig lamang, buhat sa hulihan, nakapaglalaro ang dila, at di maaaring gawing "makailima" o "makaiwalo" sapagka't dalawa pang pantig ang nasa hulihan. Hindi naman magawang "makaliima", "makapiito", "makawailo" at "makasiyam", sapagka't "magdidilang intsik" na naman.

- [70] "cong aco,i, magbalík na may hocbong dalá". Maliwanag na mali rito ang "aco,i, " ...Dapat basahing "icaó", gaya ng sa iba. Kay P. Sayo, ang "ikaw" ay sinundan ng "ay", kaya lumabis sa bilang.
- [71] NA. Sa iba ay "ang" ang nasa "na".
- [72] ITONG. Ang katagang ito ay "yaong" sa iba.
- [73] NAUICA. Sa iba ay naging "winika". Yaon ang lalong tumpak, pagka't sa dagsa ng kaligayahan ay di sinasadya, kundi parang bunga at atas lamang ng sigaw ng puso, ang "nauca" o naisigaw ay "Viva si Florante!"....
- [74] NAGCA-CASING-SINTA ... Sa "Kun sino ..." ay "magkasing sinta". Pilay. At nagkaroon ng ibang kahulugan. Sa "magca-casing-sinta" ay sina Florante't Laura at sina Aladi't Florida ang ibig sabihin; nguni't dahil sa pagiging "magkasing sinta" ay dalawa lamang ang lumabas at di apat.

Narito ang ilang paliwanag, na maaaring ituring na "galó" lamang, kung baga sa bigas, ng napakaraming sukat na daliriin, kung isusumag ang sipi naming ito sa iba't iba pa. Maaaring sabihin, pagka't siya namang totoo, na ang tanging pinagsumagan ay ang "Kun sino ..." na siyang kahulihuhilang lumabas noong mapasakamay namin ang "Florante" nina G. Alfonso Mendoza; at sakali mang nabanggit dito ang palimbag ni G. P. Sayo at ang kay G. De los Santos ng sapagka't kaharap na lamang namin ngayon.

Páhiná 76

Ano pa nga't kung pagtitiyagaang isumag pa sa palimbag ni G. Sayo, at ayon sa isa lamang pagbasang ginawa namin, ay makikita ang di mabilang na pagkakaiba. Ang sa "Kun sino ..." ay tila sipi sa "Florante" o sumag sa iniingatan ni Dr. Pardo de Tavera, na binago nga lamang ang pagkakasulat, ayon sa bagong ortograpia. Ang nasabing "Florante" ay limbag noong 1870; na may siyam na taong kahulihán lamang sa sinipi namin. At kung sa loob lamang ng siyam na tao't nagkaroon na ng di mabilang na "kabaguhan", saan di nga lalo na sa mga linimbag nang mga taong huli sa 1870? Kaya, mapaghahaka na natin kung gaano ang kaibhan ng "Floranteng" ito sa mga lumitaw nitong mga huling panahon!

At ang pagkakaibaiba ay di dapat ipagtaka, kung aalagataing maging sa siping itong lumabas nang 1861, gayong buhay pa si Balagtas ay kay dami na rin ng kaibhan, sa pagkakasulat. At maging kami man naman, gayong pinakaingatan na ang pagsipi, ay di pa rin kami lubos na panatag. Hindi rin namin mapangahasang sabihing tahasan at ng boong tigas, na ito'y walang kamalimali, hindi na sa pagkalimbag ngayon, kundi maging sa pagkasipi na lamang namin.

Nag-aalinlangan din nga kami. At bakit? Sapagka't sa siping ito ay napuna namin ngayong may lumabas na "isinusuob", "voces", "muog", na sa palagay namin ay gawa lamang ng isang pagkakaligta. Hindi namin matiyak ngayon, kung ang "voces" ay sadyang nasa "Floranteng" sinipi namin. May paniwala kami ngayong iyan ay nakuha lamang sa "bores" ng nasa "Kun sino ..." at bagama't nabago namin ang "b" ay nakaligtaan na ang unang "s" at di nagawang "c". At ang paniwalang ito ngayon ay lalong pinagtibay ng mga kasalit na "voces" sa iba't ibang dako. Ni noong 1861 man ay wala tayong makikitang "voces". Tunay man ngang marami ang binago noon ng kahista—gaya ng "balac-yot", "datapoua", "loualhati", "catouiran", "catao-an", "hayin", "bitoin", "hocbo", "muc-ha", "caniya", "ayauan", "ac-yat", "cong", "condi", atbp. na ginawa niyang "balaquiot", "hucbo", "mucha", "cania", "aiuan", "aquiát", "cun" at "cundi",—ay mapaninibulusan nating hindi niya mapagkakamalang gawing "voses" ang "voces". Kaipala'y isa rin niyang kamalian—sakaling hindi amin, na parang nagagad na lamang namin sa "Kun sino ..."—ang "suob" at "muog"; nguni't ang "voces" ay aming kamalian marahil. Nagagad nga lamang sa "Kun sino ..." gaya ng pagkagagad sa dalawang huling "muog" at "suob". Ang dalawang salitang ito ay lalik ng mapaglarong pamimigkas, na kasamahan ng "buo", "nuon", "punon", "lieg", "puot" at iba't iba pang walangwala sa mga panahong yaon ni Balagtas. Saan mang matatandang awit at kurido

Páhiná 77

ay di makakikita ng "muog", "hucbo" atbp., kundi "moog" at hocbo". Isa pang bagay, na dapat mapansin, ay ang mga katagang: SAGLIT-SAGLIT, sa

"dini sa li-ig co,i cúsang isasabit
tuhog na bulaclac sadyáng saglit-saglit" ...

LUHA, sa

"sa m~ga palayao ni amá,t, arugâ"
malaquing palad co,t, matamís na luhâ".

MAG-AALA-ALA, sa

"ito ang mapaít sa lahat nang dusa,
!sa aquin ay sino ang mag-aala-ala"

NANG, sa

"Cung nasusuclám ca sa aquing candun~gan,
lason sa pusô mo nang hindi binyagan"...

ANAQUI,T, sa

"Pag ibig anaqui,t, aquing naquilala
di dapat palac-hin ang bata sa saya"...

UALANG, sa

"ay bago,i, sa mundo,i, ualang quisáp matá
ang tauo,i, mayroong súcat ipagdusa".

UICA,I, sa

"cundí ang uica,i, "icaó na umagao
nang capurihan co,i, dapat cang mamatáy".

HOMIHIP, sa

"homihip ang han~gi,t, agád mahiualáy
sa pasig Atenas ang aming sasaquíán".

MAGCATOTOÓ, sa

"aniya,i, bihirang balita,i, magtapát
cong magcatotoó ma,i, marami ang dagdág".

NAGLALATHALA, sa

"na naglalathalà sa sangsinucuban
nang capurihán co at capangyarihan".

NADARARANG, sa

"caloloua,i, gulo,t, púso,i, nadararáng
sa nin~gas nang sintang bago cong naticmán".

NA UNANG, sa

"Dito co naticmán ang lalong hinaggís,
higuit sa dalitang na unang tini-ís"...

NGUNI,I, sa

"N~guni,i, cun ang ó-o,i, dí man binituan
naliuanagan din sintang nadidimlán".

PAGTULOG, sa

"dapoua,t, ang baya,i, tat-long arao halos
na nacalimutan ang gauíng pagtulog".

ACA,I, sa

"Ang aca,i, cong hocbo,i, cúsang pinahimpil
sa paá nang isang bundóc na maban~gin"...

TAUAGIN, sa

"Pan~gimbuló niya,i, lalo nang nag-álab

CORONA, sa

Páhiná 79

"ang Conde Adolfo,i, nag-papacamatáy
dahil sa Corona, cay Laura,i, macasal".

AQUIN, sa

"Dî binig-yang daang aquing pang mabunot
ang sacbát na cáliz at maca-pamoóc."

BAYAAN, sa

"!ay Amá co! ¿baquit...? !ay Fleridang toua!
catoto,i, bayaan aco,i, mapayapa".

MAGTA-ANANG, sa

"aquing na-acalang magdamit guerrero
cúsang magta-anang sa Real Palacio".

Tungkol sa "saglit-saglit" ay di kaya kahalintulad iyan ng salitang "hugos"? O lalong maliwanag: ang "g" kaya rivan ay di katulad lamang ng "g" sa "hugos"—na naging isa lamang kamalian, at kamaliang sa bisa rin ng kabunyian ng "Florante" ay nagkaroon na tuloy—ang "saglit"—ng kahulugang walang pinag-ibhan ngayon sa "salit"? Walang pinag-ibhan, ang aming sabi, at ang ganito ay di lubhang wasto. Nararapat ipaliwanag, na ang di pagkakaiba ay ayon lamang sa ilan diyan. Sa ganang kanila, ang "saglit" at ang "salit" ay iisa rin, gaya ng pagkakaisang kahulugan ng "alumanahin" at "alintanahin", ng "kagalawad" at ng "kagawad", ng "umahon" at ng "lumusong", atbp. Nguni't sa katotohanan ay iba ang "saglit" at iba naman ang "salit". Ang una ay kasinghulugan halos ng "sandali", bagama't ang "salit"—ay kasingkahulugan naman ng "halo", o ng "kasama", o ng "ibaiba".

Kaya, ang "saglit-saglit" sa tulang: "dini sa li-ig co,i, cusáng isasabit—tuhog na bulaclac sadyang saglit-saglit" ay isang kamalian lamang ng "salit-salit"—na napasukan lamang ng "g", at ang kamaliang iyan ay hindi na nabago, nanatili na sa habang panahon, hanggang sa dahil nga sa kabunyian ng "Florante" ay naging sanhi na tuloy ng pagkakaroon ng kahulugang gaya rin ng "salitsalit" o "sarisari".

Páhiná 80

Tungkol sa "luha" ay ganito rin ang na kay P. Sayo; nguni't kay De los Santos—"grande seria mi suerte y harto apetecible"—at sa "Kun sino ..." ay "lubha" ang nakalagay....

"malaking palad ko't matamis na lubha" ... na napaghahalatang kay liwanag na kamalian. At mali, sapagka't "luha" nga lamang "ang ualang patid na ibinabaha nang mga matá" ni Aladin. Anya:

"Cun ang ualang patid na ibinabahá
n~g m~ga matá co,i, sa hinayang mulà
sa m~ga palayao ni amá,t, arugà
malaquíng palad co,t, matamis na luhà".

Nariyan nga ang isa pang salitang napasukan ng isang malikot na "b", na ipinag-iba ng kahulugan, at kaibhang mahirap na mahalata, kung walang ibang siping mapagtutularan.

Tungkol sa "mag-aala-ala": ito ang kay hirap na kilalanin. Hindi natin malaman kung talagang iya'y kasamahan lamang ng mga "kinalalagi-an" at "doon~gan", na kay hirap hinagaping kamalian lamang ng kahista, o kung tunay na kamalian nga lamang nito. Lalo't kung ganyang ang pagkakasulat—"mag-aala-ala"—balangkas matanda at kauri ng "catao-an", "muc-ha" at iba't iba, ang alinlangan ay maaaring laktawan sa pamamagitan lamang ng pag-aming iyan nga ay kinatuisuran lamang ni Balagtas. Nguni' t hindi naman kaya "mag-aalala" ang diya'y nakalagay? Hindi kaya ganito ang pagkakatula?:

"ito ang mapait sa lahat nang dusa
¡sa aquin ay sino mag-aala-ala!"

O ang "sino ang" ay di kaya "sinong" upang basahin namang gaya ng na kay P. Sayo?:

"Ito ang mapait sa lahat nang dusa
¡sa aquin ay sinong mag-aala-ala!"

Tungcol sa "nang", sa tulang:

"Cung nasusuclám ca sa aquing candun~gan,
lason sa pusô mo nang hindi binyagan"...

Páhiná 81

ay "ang" ang nakalagay kay De los Santos at sa "Kun sino ..."; nguni't sa aming sipi at kay P. Sayo ay "nang" ang nakalagay. Isa rin itong mahirap pasiyahan. Walang alinlangang ang "ang" ay lalong maliwanag—(lason sa puso mo ang hindi binyagan)—at kasingliwanag ng "sa" sa saad na:

"ang di nabalining matibay kong dibdib
sa suyo ng hari, bala at paghibik"....

na ipinalit ng "Kun sino ..." sa "ng" na nauuna sa "suyo"; wala ngang alinlangang ang dinadaliring "ang" ay kasingliwanag ng "sa"; nguni't hindi kaliwanagan, ayon sa pangwatas natin ngayon, ang dapat na papaghariin, kundi ang katotohanang ginawa ni Balagtas. Para sa atin ngayon ay may ilang nadadaliri tayong malalabo sa ating pangwatas, gaya halimbawa niyaong nagsisimula sa:

"Parang naririn~gig ang laguì mong uica"

at niyaong "maglilong lácad" sa:

"¿cagandaha,i, báquit dí macapagcalág
nang pagca capatid sa maglilong lácad?"

at saka niyaong:

"¿dili ang dan~gal mong dapat na lin~gapin
mahiguit sa ualáng cagandaha,t, ningning?"

lalo na yaong biglaang isinaksak na lamang at sukat, na parang panauhing sumipot na lamang at sukat, walang ano mang kapasapasabi at ni hindi man lamang nagbigay ng "magandang araw", na:

"!cung anó ang taás, n~g pagcadaquilâ
siyaring lagapác namán cong marapá".

na ginawang pangdulo sa tulang nagsisimula sa: "Ito ay hámac pa bagáng sumansalâ ...?"

Páhiná 82

Ang lahat ngang iyan ay pawang tila hindi wasto, sa ganang atin ngayon, at tila malabo. Hindi wasto ang pagsipot at sukat nitong kasabihang panghuli; hindi wasto, sa kahulugang di dapat mapaugnay sa mga sinusundan; at ang nangauuna naman ay malalabo sa atin ngayon, hindi maliwanag. Nguni't gayon pa man ay karapatdapat na igalang, huwag baguhin, pabayaang sa datihang lagay.

Kaya, malabo man nga ang "nang", at lalo man ngang maliwanag ang "ang", iyang "nang" na iyang naging "ang" sa "Kun sino ..." ay tila dapat ding igalang. Hindi kailangan kung malabo man. Anong malay natin kung maliwanag iyan sa kanilang pagbabalangkas noong araw? Saka, ang "nang" diyan ay maaaring itinatamitan ni Balagtas sa "candun~gan", at ang ibig niyang palitawing lason ay hindi ang "di binyagan"—ang moro—kundi ang "candun~gan ng hindi binyagan"—ang kandungan ng morong sa malas ay kinasusuklaman ni Florante.

Tungkol sa "anaqui,t,"—may ligazon "t"—ay ito ang tanging "anaqui", na ginamitan ng pang-ugnay ni Balagtas, sapagka't talagang garil, pag hindi linagyan. Hindi nga maaaring sabihin ang:

"Pag ibig anaqui aquing naquilala"....

subali't sa iba't ibang nasangkapan ng katagang iyan ay hindi nangailangan ng ano mang pang-ugnay ó ligazon.

"Tungkol sa Ualang", sa saad na:

"ay bago,i, sa mundo,i, ualang quisáp matá
ang tauo,i, mayroong súcat ipagdusa".

